

PAYPAL USER AGREEMENT

Tungkol sa Iyong Account

Huling na-update noong Nobyembre 26, 2024

Maligayang pagdating sa PayPal!

Ang user agreement na ito ay isang kontrata sa pagitan mo at ng PayPal Pte. Ltd., isang Singaporean na kumpanya na nangangasiwa sa paggamit mo ng PayPal account mo at sa mga serbisyo ng PayPal. Kung isa kang indibidwal, dapat ay residente ka ng isa sa mga bansa/rehiyong nakalista sa page ng **PayPal Worldwide** at hindi bababa sa 18 taong gulang, o nasa edad ng mayorya sa iyong tinitirhang bansa/rehiyon, para magbukas ng PayPal account at magamit ang mga serbisyo ng PayPal. Kung isa kayong negosyo, ang negosyo ay dapat itinatag, pinapatakbo, o residente sa isa sa mga bansa/rehiyong nakalista sa page ng **PayPal Worldwide** para magbukas ng PayPal account at magamit ang mga serbisyo sa PayPal.

Sa pamamagitan ng pagbubukas at paggamit ng PayPal account, sumasang-ayon kang sumunod sa lahat ng terms and conditions sa user agreement na ito. Sumasang-ayon ka ring sumunod sa mga sumusunod na polisiya at sa bawat isa sa iba pang kasunduan sa page ng **Mga Legal na Kasunduan** na nalalapat sa iyo, kasama ang:

- **Acceptable Use Policy**
- **Mga Tuntunin ng Mga Alternatibong Paraan ng Pagbabayad**

Pakibasa nang mabuti ang lahat ng terms and conditions ng user agreement na ito, ang mga tuntunin ng mga polisiyang ito at bawat isa sa ibang mga kasunduang nalalapat sa iyo.

Pwede naming pana-panahong amyendahan ang user agreement na ito at ang alinman sa mga polisiyang nakalista sa itaas. Magkakabisa ang inirebisang bersyon sa oras na na-post namin ito sa aming website, maliban kung iba ang binanggit. Kung mababawasan ng mga pagbabago namin ang iyong mga karapatan o madadagdagan nito ang iyong mga responsibilidad, magpo-post kami ng abiso sa page ng **Mga Update sa Policy** ng aming website at bibigyan ka namin ng hindi bababa sa 14 na araw na paunang abiso. Ang lahat ng pagbabago sa hinaharap na nakasaad sa page ng **Mga Update sa Polisiya** na naka-publish sa page ng Mga Legal na Kasunduan noong nagrehistro ka para sa mga serbisyo ng PayPal ay kasama sa pamamagitan ng pagkabingit sa user agreement na ito ay magkakabisa ito ayon sa tinutukoy sa Update sa Polisiya. Sa pamamagitan ng patuloy na paggamit sa aming mga serbisyo pagkatapos ng anumang pagbabago sa user agreement na ito o alinman sa iba pang naaangkop na tuntunin, kasunduan, o polisiyang nakalista sa itaas, sumasang-ayon kang sumunod at mapailalim sa mga pagbabagong iyon.

Kung hindi ka sang-ayon sa mga nirebisang terms and conditions, kailangan mong ihinto ang paggamit sa mga serbisyo ng PayPal, isara ang iyong account at wakasan ang iyong ugnayan sa amin nang walang gastos o parusa. Patuloy na malalapat ang user agreement na ito sa nakaraan mong paggamit ng aming mga serbisyo.

Tungkol sa aming pangunahing negosyo

Ang PayPal ay isang payment services provider at kumikilos ito sa ganitong paraan sa pamamagitan ng paggawa, pag-host, pagpanatili at paglalaan ng aming mga PayPal service sa iyo sa pamamagitan ng internet. Ang mga serbisyo namin ay nagbibigay-daan sa iyong magpadala ng pagbabayad sa kahit sinong may PayPal account, at makatanggap ng pagbabayad kung available. Ang availability ng serbisyo namin ay nag-iiba-iba ayon sa bansa/rehiyon. Makikita mo kung anong mga serbisyo ang available sa iyong bansa/rehiyon sa pamamagitan ng pag-log in sa PayPal account mo.

Ang mga serbisyo ng PayPal ay inilalaan ng PayPal Pte. Ltd.

Ang user agreement na ito ay hindi isang solicitation ng mga serbisyo ng PayPal at hindi tina-target ng PayPal ang anumang bansa/rehiyon at hindi ito nagma-market sa pamamagitan ng user agreement na ito.

Pagbubukas ng Account

Nag-aalok kami ng dalawang uri ng account: mga PayPal account na personal (o "mga personal na account") at PayPal account na pangnegosyo (o "mga account ng negosyo").

Ang lahat ng PayPal account ay nagbibigay-daan sa iyong gumawa ng mga bagay tulad ng:

- **Magpadala** at **tumanggap** ng mga bayad.

- **Bumili** ng mga bagay online gamit ang mga mobile device o sa mga store.
- Magbayad gamit ang iyong credit card, debit card, bank account, balanse sa PayPal account mo, eCheque o iba pang paraan ng pagbabayad.
- Tumanggap ng credit card, debit card, bank account, balanse sa PayPal, eCheque o iba pang mga paraan ng pagbabayad mula sa iba.

Responsable ka sa pagpapanatili ng sapat na security at kontrol ng lahat ng ID, password, personal identification number, o iba pang mga code na ginagamit para i-access ang iyong PayPal account at mga serbisyo ng PayPal.

Upang magbukas at magpanatili ng PayPal account, dapat mong ilaran ang iyong tamang bansa/rehiyon ng paninirahan at bigyan kami ng tama at updated na impormasyon ng account, kasama ang pero hindi limitado sa personal na impormasyon, pinansyal na impormasyon,, o iba pang impormasyong nauugnay sa iyo o sa iyong negosyo.

Dapat mong panatilihin updated ang iyong mailing address, email address at iba pang impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa iyong PayPal account profile.

Mga personal account

Kung pagbili at pagpapadala ng mga personal na transaction sa mga pamilya at kaibigan ang pangunahin mong kailangan, malamang na akma para sa iyo ang isang personal na account. Gamit ang isang personal na account, pwede kang gumawa ng mga bagay tulad ng:

- Bumili ng mga produkto at serbisyo.
- Magpadala ng mga personal na transaction sa at mag-request ng mga personal na transaction mula sa mga kaibigan at pamilya.

Pwede ka ring gumamit ng personal na account para makatanggap ng mga bayad para sa pagbebenta ng mga produkto at serbisyo, pero kung plano mong pangunahing gamitin ang personal na account mo para magbenta, dapat mong pag-isipang gumamit ng account ng negosyo. Pwede mong i-convert ang PayPal account mo mula sa isang personal na account patungo sa isang account ng negosyo kung magbabago ang sitwasyon.

Mga account ng negosyo

Inirerekomenda namin ang mga account ng negosyo para sa mga tao at organisasyon na pangunahing gumagamit sa PayPal para magbenta ng mga produkto o serbisyo, kahit na hindi pa incorporated ang iyong negosyo. Gamit ang isang account ng negosyo, pwede kang gumawa ng mga bagay tulad ng:

- Gumamit ng pangalan ng kumpanya o negosyo bilang pangalan ng iyong account ng negosyo.
- Bigyan ang mga empleyado ng access sa ilan sa mga feature ng iyong account ng negosyo.
- Mag-sign up para sa mga produkto ng PayPal na nakakatugon sa iyong mga pangangailangan sa negosyo.

Ang mga account ng negosyo ay maaaring sumailalim sa mga fee na naiiba sa mga fee na nalalapat sa mga personal na account. Hindi kwalipikado ang mga account ng negosyo na tumanggap ng “mga personal na transaction,” bagama’t pwedeng magpadala ang mga ito ng mga personal na transaction sa mga kaibigan at pamilya na may kwalipikadong PayPal account.

Sa pamamagitan ng pagbubukas ng account ng negosyo o pag-convert ng personal account patungo sa isang account ng negosyo, inihahayag mo na pangunahin mo itong ginagamit para sa isang layuning pangnegosyo o komersyal. Sumasang-ayon ka rin sa pagkuha ng PayPal sa iyong personal at/o pangnegosyong credit report mula sa isang ahensya para sa pag-uulat ng credit sa pagbubukas ng account, kapag humiling ka ng mga partikular na bagong produkto at sa tuwing makatwiran naming pinaniniwalaang may mataas na antas ng panganib na nauugnay sa iyong account ng negosyo.

Kasunduan sa Commercial Entity

Kung ang activity sa anumang uri ng PayPal account na hinawakan mo ay aabot sa mga partikular na hangganan, o kinasasangkutan ito ng ilang partikular na business segment o aktibidad, inaatasan ka ng mga card network na sumang-ayon sa isang Kasunduan sa Commercial Entity to na nagbibigay-daan sa iyong patuloy na tumanggap ng mga bayad sa Visa at MasterCard. Sa kasong ito, ang mga **Kasunduan sa Commercial Entity** na ito ay malalapat sa anumang bayad na naiproseso ng PayPal sa iyong ngalan at bubuo ito ng bahagi ng user agreement na ito.

Mga pahintulot ng Third Party

Ikaw dapat ang beneficial owner ng iyong PayPal account, at nagnenegosyo ka lang sa iyong ngalan.

Maaari kang tahasang magkaloob, magtanggap at mamahala ng mga pahintulot para sa ilang third party para gumawa ng mga partikular na aksyon sa iyong ngalan. Sa ilang kaso, pwede mo itong gawin kapag naka-log in sa PayPal account mo – sa ibang kaso, pwede mo itong gawin nang direkta kasama ang third party. Kinikilala mo na kung magbibigay ka ng pahintulot para sa isang third party na gumawa ng mga aksyon sa iyong ngalan, maaari kang magbungyang ng ilang partikular na impormasyon tungkol sa iyong PayPal account sa third party na ito.

Pwede mong pahintulutan ang mga party service provider na lisensyado ng naaangkop na batas na:

- magbigay ng mga serbisyo ng impormasyon ng account para mag-access ng impormasyon tungkol sa iyong account sa iyong ngalan;
- kumpirmahin kung available sa iyong account ang halagang kinakailangan para sa pagpapatupad ng isang transaction ng pagbabayad gamit ang isang card; o

- magbigay ng mga serbisyo ng initiation ng pagbabayad para mag-initiate ng pagbabayad mula sa iyong account sa iyong ngalan.

Ang pagbibigay ng pahintulot sa anumang third party na i-access ang PayPal account mo sa anumang paraan ay hindi nagtatanggal sa iyon ng anuman sa iyong mga responsibilidad sa ilalim ng kasunduang ito. Mananagot ka pa rin sa amin para sa mga aksyong pinahintulutan mong gawin ng mga third party. Hindi mo kami ituturing na responsable para sa, at ii-indemnify mo kami laban sa, anumang pananagutan buhat ng mga aksyon o hindi pagkilos ng naturang mga third party kaugnay ng mga pahintulot na ibinigay mo, alinsunod sa iyong mga mandatoryong legal na karapatan.

Pagsasara ng PayPal Account Mo

Pwede mong isara ang iyong account at wakasan ang ugnayan mo sa amin anumang oras nang walang gastos o parusa, pero mananatili kang may pananagutan para sa lahat ng obligasyong nauugnay sa iyong PayPal account kahit na isinara na ang PayPal account. Kapag isinara mo ang PayPal account mo, ika-cancel namin ang anumang nakaiskedyul o hindi kumpletong transaction. Dapat mong **i-withdraw** o i-transfer ang anumang balanse mula sa PayPal account mo bago ito isara. Hindi ka pwedeng mag-withdraw o mag-transfer ng mga digital gift certificate/card na binili sa pamamagitan ng **PayPal Digital Gifts** at naka-link sa iyong PayPal account bilang mga paraan ng pagbabayad. Gayunpaman, kahit na wala ang iyong PayPal account, pwede mo pa ring gamitin ang mga code na natanggap mo sa pamamagitan ng email noong binili mo ang mga gift certificate/card para bumili.

Sa ilang partikular na kaso, hindi mo pwedeng isara ang PayPal account mo:

- Para maiwasan ang isang imbestigasyon.
- Kung mayroon kang pending na transaction o open na dispute o claim.
- Kung may negatibong balanse ang PayPal account mo.
- Kung sumasailalim sa isang hold, limitasyon o reserba ang iyong PayPal account.

Mag-link o Mag-unlike ng Paraan ng Pagbabayad

Pwede kang mag-link o mag-unlink ng credit card, debit card o bank account sa PayPal account mo bilang isang paraan ng pagbabayad. Panatilihing updated ang impormasyon ng iyong paraan ng pagbabayad (i.e. credit card number at petsa ng expiration). Kung magbabago ang impormasyong ito, pwede namin itong i-update gamit ang impormasyon at mga third party na source na available sa amin nang walang aksyon sa iyong panig. Kung ayaw mong i-update namin ang impormasyon ng card mo, pwede mong alisin ang paraan ng pagbabayad mo sa iyong PayPal account. Kung ia-update namin ang paraan ng pagbabayad mo, pananatilihin namin ang anumang setting ng kagustuhan na nauugnay sa naturang paraan ng pagbabayad. Pwede mong piliing kumpirmahin ang card mo, para ma-verify naming valid ang card at ikaw ang may-ari ng card.

Pag-hold ng Balanse sa PayPal

Ang anumang balanseng hino-hold mo sa iyong PayPal account ay kumakatawan sa isang unsecured na claim laban sa PayPal. Pinagsasama-sama ng PayPal ang balanse mo sa mga balanse ng iba pang user at ini-invest ang mga pondong iyon sa mga liquid investment. Ang mga naka-pool na halagang ito ay pinapanatiling hiwalay sa corporate fund ng PayPal, at hindi gagamitin ng PayPal ang pondong ito para sa mga gastusin sa pagpapatakbo nito o sa iba pang corporate na layunin at hindi nito boluntaryong gagawing available ang pondong ito sa mga creditor nito kung sakaling magkaroon ng bankruptcy. Hindi ka makakatanggap ng interes o iba pang kita sa mga halaga sa iyong balanse. Sumasang-ayon kang magiging pag-aari ng PayPal ang interes o iba pang kita sa mga investment na ito. Sumasang-ayon kang italaga sa PayPal ang anumang karapatan sa interes na nakuha mula sa pondo mo.

Pagdagdag o Pag-withdraw ng Pondo

Pagdagdag ng pondo sa balanse mo

Pwede mong gamitin ang mga paraan ng pagbabayad na naka-link sa iyong PayPal account para pondohan ang mga transaction na ginagawa mo gamit ang iyong PayPal account. Hindi mo kailangan ng balanse sa PayPal account mo para bumili ng isang bagay o magpadala ng bayad. Pwede kang magdagdag ng pondo sa PayPal account mo mula sa bank account na naka-link sa iyong PayPal account sa pamamagitan ng pag-request ng electronic transfer sa PayPal account mo. Ang halagang na-transfer ay iho-hold bilang balanse sa PayPal account mo. Hindi magagamit ang mga credit card para magdagdag ng pondo sa balanse mo sa PayPal.

Pag-withdraw ng pondo mula sa balanse mo

Kung mayroon kang balanse sa PayPal, mag-log in sa PayPal account mo para makita kung alin sa mga opsyon sa withdrawal na ito ang available sa iyong bansa/rehiyon:

- pag-transfer nito sa isang bank account na naka-link sa PayPal account mo; o
- pag-transfer sa debit o credit card mo, kung available; o
- pag-request ng pisikal na tseke sa pamamagitan ng mail, kung available.

Depende sa bansa/rehiyon kung saan nakarehistro ang account mo, maaari mong ma-withdraw ang pondo mo sa pamamagitan ng isang third party service provider. Pakitingnan ang mga tuntunin ng naturang third party para sa impormasyon hinggil sa mga currency conversion.

Para protektahan kami at mga user namin laban sa pagkalugi, pwede naming i-delay ang isang withdrawal sa ilang partikular na sitwasyon, kabilang kung kailangan naming kumpirmahing ikaw ang nagpahintulot sa withdrawal o kung sumailalim na sa isang reversal ang iba pang pagbabayad sa iyong PayPal account (halimbawa, bilang resulta ng isang **chargeback**, bank reversal o **dispute ng isang mamimili**). Kung maglalagay kami ng limitasyon sa iyong PayPal account, sumasailalim sa isang hold ang isang pagbabayad, o may negatibong balanse ang iyong account o isang nauugnay na account sa anumang currency habang pending ang isang withdrawal sa iyong PayPal account, kakailanganin mong simulan ulit ang withdrawal kapag naalis na ang limitasyon o hold, o ganap nang nabayaran ang negatibong balanse.

Pwede kang mag-set ng mga limitasyon sa iyong mga withdrawal, at pwede mong tingnan ang anumang limit sa withdrawal sa pamamagitan ng pag-log in sa PayPal account mo. Ang pagkumpleto sa mga sumusunod na hakbang ay pwedeng makatulong sa amin na i-verify ang PayPal account mo na pwedeng magbigay sa aming alisin ang anumang withdrawal cap:

- Pag-verify sa bank account mo; at
- Pag-link at pagkumpirma sa impormasyon ng credit card o debit card mo.

Pwede kang maningil ng fee para mag-transfer sa bank account mo. Kung kwalipikado ang debit card mo na makatanggap ng mga withdrawal mula sa PayPal account mo, bibigyan ka ng ospyong gamitin ito kapag nagta-transfer ka ng pondo mula sa balanse sa PayPal mo na sumasailalim sa mga fee na naaangkop sa naturang mga transfer na makikita sa page na **Mga Fee para sa Pag-transfer ng Balanse (para sa mga personal account)** at sa page na **Mga Fee para sa Pag-transfer ng Balanse (para sa mga business account)**. Ipapaalam muna sa iyo ang mga naaangkop na fee sa tuwing magsisimula ka ng naturang withdrawal.

Sa pangkalahatan, magpapadala kami ng mga pisikal na tseke sa pamamagitan lang ng mail sa mga nakumpirmang address, maliban kung na-verify na namin ang iyong PayPal account. Hindi kami magpapadala ng mga tseke sa mga post office box. Kung gusto mong magpadala kami ng tseke sa isang address na hindi nakakatugon sa mga pamantayang ito, dapat kang makipag-ugnayan sa customer service at magbigay ng dokumentasyong nire-request namin para ma-verify ang iyong pagkakaugnay sa address. Kung hindi mo maka-cash ang isang tseke sa loob ng 180 Araw mula sa petsa ng pag-isyu nito, ibabalik namin ang pondo sa balanse mo (nang may ibabawas na fee).

Pamamahala ng Balanse Mo sa Maraming Currency

Pag-hold ng maraming currency

Maaaring i-hold ang balanse mo sa PayPal account mo sa alinman sa mga currency na sinusuportahan ng PayPal, at pwede kang mag-hold ng balanse sa mahigit sa isa sa mga currency na ito nang sabay-sabay.

Kung magho-hold ka ng balanse sa iyong PayPal account:

- Pwede ka naming payagang i-convert ang balanse sa ibang currency. Kung iko-convert mo ang balanse sa iyong account, gagamitin ang exchange rate ng transaction ng PayPal (kasama ang aming **currency conversion fee**). Kung pagpapasyahan namin, pwede kaming magpataw ng mga limit sa halaga ng iyong balanse na pwede mong i-convert, o sa bilang ng mga conversion na pwede mong isagawa.
- Pwede mo lang i-withdraw ang balanse sa opening currency ng account mo o sa iba pang currency na sinusuportahan ng PayPal para sa withdrawal sa iyong nakarehistrong bansa/rehiyon. Upang ma-withdraw ang balanse sa iyong account na naka-hold sa ibang currency, kakailanganin mong i-convert ang currency sa opening currency ng iyong account, o iko-convert ito para sa iyo sa oras ng iyong withdrawal. Gagamitin ang exchange rate ng transaction ng PayPal, kasama ang aming **currency conversion fee**.

Para makatanggap ng pondo sa isang currency na kung saan hindi pa kasalukuyang naka-configure ang account mo, posibleng kailanganing gumawa ng balanse sa PayPal account mo sa currency na iyon o i-convert ang balanse sa ibang currency. Matatanggap lang ang ilang partikular na currency sa pamamagitan ng pag-convert sa balanse sa ibang currency na pinapayagan ka ng PayPal na i-hold. Kung iko-convert ang balanse, gagamitin ang exchange rate ng transaction ng PayPal (kasama ang aming **currency conversion fee**).

Responsable ka para lahat ng panganib na nauugnay sa pagpapanatili ng maraming currency sa iyong PayPal account. Hindi ka pwedeng mamahala o mag-convert ng mga currency para sa mga layunin ng speculative trading, conversion arbitrage, conversion options, o iba pang activity na matutukoy ng PayPal na may pangunahing layuning kumita ng pera batay sa mga currency conversion rate. Maaaring mag-hold, magkansela, o mag-reverse ang PayPal ng anumang transaction na matutukoy naming lumalabag sa polisiyang ito.

Paano namin kino-convert ang currency

Kung magko-convert ng currency ang PayPal, kukumpletuhin ito sa exchange rate ng transaction na itinakda namin para sa nauugnay na currency exchange. Regular na ina-adjust ang exchange rate ng transaction at may kasama itong **currency conversion fee** na inilalapat at pinapanatili namin sa isang base na exchange rate para mabuo ang rate na naaangkop sa conversion mo. Ang base na exchange rate ay batay sa mga rate sa mga market ng wholesale na currency sa araw ng conversion o sa nakaraang Araw ng Negosyo; o kung iniaatas ng batas o regulasyon, nakatakda ito sa (mga) nauugnay na reference rate ng gobyerno.

Para sa ilang paggamit ng iyong mga PayPal account, maaaring tukuyin ng PayPal kung kinakailangan ang currency conversion. Ang naaangkop na currency conversion fee ay matatagpuan sa aming page ng mga fee sa ilalim ng heading na mga **currency conversion fee**.

Ang mga pag-hold o limitasyon ay posibleng makapag-delay ng currency conversion ng mga halaga hanggang sa ma-release ang mga naturang hold o limitasyon. Posible itong magresulta sa pag-apply ng currency conversion na iba sa rate ng exchange rate ng transaksyon na inilapat nang walang (mga) hold o limitasyon ng account. Ang mga currency conversion sa mga sitwasyong ito ay posibleng mas mura o mas kaunti bilang pabor sa iyo.

Mga pagpipilian sa currency conversion

Kapag pinopondohan ng debit o credit card ang pagbabayad mo at kailangan nito ng currency conversion ng PayPal, pinapayagan at pinapahintulutan mo kaming mag-convert ng currency sa halip na ang debit o credit card issuer. Maaaring may karapatan kang piliin na ang card issuer mo ang magsagawa ng currency conversion, kung naaangkop para sa card issuer at network na iyon. Ang pagpili ng kagustuhan sa currency na ito ay maaaring ipakita sa iyo sa iba't ibang anyo, kasama ang pagtatakda ng currency ng iyong card, isang pagpili sa kung anong currency ang gagamitin sa transaksyon, kung ang PayPal ba o ang card issuer mo ang magsasagawa ng conversion, o kung aling conversion rate ang gagamitin para sa transaksyon, bukod sa iba pa. Kung ang card issuer mo ang magko-convert ng currency, ang card issuer mo ang magtatakda ng currency conversion rate at ang mga fee na posible nilang singilin.

Palaging isasagawa ng PayPal ang conversion para sa mga transaction kung saan ginagamit mo ang kasalukuyan mong balanse sa PayPal account mo o ang iyong naka-link na bank account ang paraan ng pagbabayad.

Mga Pag-uulat sa Buwis at Impormasyon

Pangkalahatang impormasyon

Ang **aming mga consumer fee at merchant fee** ay eksklusibo sa anumang buwis, mga singil, o mga katulad na assessment ng anumang katangian, kabilang ang, walang limitasyon, halagang idinagdag, sales, digital service, stamp, transfer, o withholding tax, assessable ng anumang hurisdiksyon o awtoridad ng pamahalaan (sama-sama, "Mga Buwis).

Bawat isa sa atin ay magiging responsable sa pagbayad ng ating mga sariling Buwis na nagmumula sa pagsasagawa ng kani-kanyang mga obligasyon mula sa paggamit mo ng PayPal services.

Mga serbisyo ng pagbabayad sa PayPal

Kung nagbabayad ka para sa serbisyo sa PayPal, sumasang-ayon kang bayaran ang PayPal sa halaga ng anumang legal na naaangkop na Buwis na ipinataw sa anumang halagang dapat mong bayaran sa PayPal.

Sumasang-ayon kang huwag i-withhold ang anumang Buwis sa mga halagang babayaran mo sa PayPal maliban kung legal mo itong kinakailangang gawin. Kung nag-withhold ka ng anumang Buwis, hindi babawasan ang halagang mababayaran mo sa PayPal ng halagang ini-withhold. Sumasang-ayon kang may karapatang matanggap ng PayPal ang buong halagang natanggap sana kung hindi nagkaroon ng pag-withhold ng anumang Buwis. Kapag ni-request ng PayPal, maipapadala mo nang nasa oras sa PayPal ang anumang nakasulat na dokumentasyong nagbibigay-daan sa pagbabayad mo ng mga Buwis sa mga nauugnay na awtoridad.

Ang inyong mga karagdagang responsibilidad at pagkilala

Responsibilidad mong tukuyin kung ano, kung mayroon, ang mga buwis na nalalapat sa mga pagbabayad na ginagawa o natatanggap mo, at ikaw lang ang responsable para suriin, kolektahin, i-report, at i-remit ang mga tamang buwis sa naaangkop na awtoridad. Hindi PayPal ang responsable para sa pagtukoy kung may anumang buwis ang nalalapat sa transaksyon mo, o para sa pagkalkula, pangongolekta, pag-report, o pag-remit ng mga buwis na magmumula sa anumang transaksyon.

Kinikilala mong posibleng may legal na obligasyon ang PayPal na gumawa ng mga ulat, at gagawin ang mga naturang ulat, sa mga awtoridad sa buwis kaugnay ng mga transaksyong ipinoproseso namin sa ngalan mo. Makikita ang karagdagang impormasyon sa aming **Help Center**.

Pag-uulat ng impormasyon

Posible naming i-request na ibigay mo sa PayPal ang iyong Tax ID number at/o iba pang dokumentasyon o impormasyong nauugnay sa buwis. Kung hindi mo ibibigay ang ni-request na impormasyon sa PayPal o panatilihing up to date ang dokumentasyon sa PayPal account mo, posibleng mapasailalim ka sa mga **hold o limitasyon** ng account at pag-withhold ng Mga Buwis sa mga naaangkop na rate sa mga natanggap na gross na pagbabayad. Ire-remit ng PayPal ang anumang

naturang pag-withhold ng Mga Buwis sa mga naaangkop na awtoridad sa buwis, at kinikilala mo ang PayPal mula sa pag-refund ng anumang halaga sa iyo kapag naipadala na ang mga ito sa mga naaangkop na awtoridad sa buwis.

Kung kailangan ang currency conversion sa pagbabayad ng withholding Taxes, kakalkulahin ng PayPal ang halagang babayaran sa nauugnay na awtoridad sa buwis alinsunod sa aming mga tuntunin ng currency conversion kapag pinroseso namin ang Mga Buwis sa pag-withhold. Para mabawasan ang mga risk na nauugnay sa pagbaba ng exchange rate, mga hold at limitasyon ng account, pag-withhold ng buwis, at remittance sa nauugnay na awtoridad sa buwis, dapat mong idagdag o kumpirmahin ang impormasyon mo bilang taxpayer sa PayPal.

Mga Account Statement

Mga Account Statement

Mayroon kang karapatang makatanggap ng account statement na nagpapakita sa activity sa PayPal account mo. Maaari mong tingnan ang PayPal account statement mo sa pamamagitan ng pag-log in sa iyong PayPal account.

Pagpapadala ng mga bayad at pagbili

Pagpapadala ng mga bayad sa o Pagtanggap ng mga bayad mula sa isang Kaibigan o Kapamilya

Pagpapadala ng bayad

Sa ilang bansa/rehiyon, pwede kang magpadala ng pondo sa isang kaibigan o miyembro ng pamilya mula sa PayPal account mo gamit ang feature na magpadala ng bayad sa iyong PayPal account.

Makikita mo kung anong mga serbisyo ang available sa iyong bansa/rehiyon sa pamamagitan ng pag-log in sa PayPal account mo.

Pwede kang magpadala ng pondo sa isang kaibigan o miyembro ng pamilya kahit na wala siyang kwalipikadong PayPal account noong nagpadala ka sa kanya ng pondo, gamit ang kanyang email address o mobile number, sa anumang currency na sinusupportahan ng PayPal, at pwede kang mamili kung aling paraan ng pagbabayad ang gusto mong gamitin. Kung ang taong pinapadalhan mo ng pondo ay walang PayPal account, pwede niya itong i-claim sa pamamagitan ng pagbubukas ng PayPal account. Kung hindi niya ito ike-claim, ire-refund ito sa iyo. Ang pagtanggap ng bayad mula sa isang kaibigan o miyembro ng pamilya ay inilalarawan sa ilalim ng **Pagtanggap ng bayad**.

Kung pagpapasyahan namin, pwede kaming magpataw ng mga limit sa halaga ng pondong pwede mong ipadala, kasama nag pondong ipinapadala mo para sa pagbili. Pwede mong tingnan ang anumang limit sa paggastos as pamamagitan ng pag-log in sa PayPal account mo. Pwede naming dagdagan ang iyong mga limit sa paggastos kung kukumpletuhin mo ang parehong mga hakbang para i-verify ang impormasyon mo na kinakailangan para sa pag-aalis sa mga limit sa withdrawal.

Kapag nagpadala ka ng pondo sa isang kaibigan o miyembro ng pamilya, pwedeng mangyari ang isa sa tatlong bagay: pwede nilang tanggapin, tanggihan o hindi makuha ang pondo. Kung tatanggihan o tatanggapin nila ang pondo o hindi nila ito kukunin sa loob ng 30 araw matapos ang petsa noong ipinadala iyon, ire-refund ang pondo (kasama ang anumang mga fee na siningil sa iyo) sa:

- Orihinal na paraan ng pagbabayad na ginamit mo para sa transaction, kung gumamit ka ng credit card, debit card o PayPal Credit bilang paraan ng pagbabayad, o sa
- Ang balanse sa PayPal account mo, kung ginamit mo ang balanse sa PayPal account mo bilang paraan ng pagbabayad o bank account bilang paraan ng pagbabayad at hindi namin ito mare-refund sa iyong bank account.

Pagtanggap ng mga bayad

Kung magpapadala sa iyo ng pondo ang isang kaibigan o kapamilya, lalabas ang pondo sa balanse ng iyong PayPal account. Para makatanggap ng pondo sa currency kung saan hindi pa kasalukuyang naka-configure ang account mo, posibleng kailanganing gumawa ng balanse sa currency na iyon o i-convert ang pondo sa ibang currency. Matatanggap lang ang ilang partikular na currency sa pamamagitan ng pag-convert sa balanse sa ibang currency na pinapayagan ka ng PayPal na i-hold. Kung iko-convert ang balanse, gagamitin ang **exchange rate ng transaction** ng PayPal (kasama ang aming **currency conversion fee**).

Mga Fee para sa Pagpapadala ng bayad sa Mga Kaibigan at Pamilya

Ang mga fee na nalalapat sa pagpapadala ng mga personal na transaction ay makikita sa aming **Table ng pagpapadala ng pondo** at ipapaalam muna ito sa iyo sa bawat pagkakataong magpapadala ka ng bayad sa isang kaibigan o kapamilya. Kung iko-convert mo ang balanse sa PayPal account mo mula sa isang currency patungo sa isa pa, gagamitin ang exchange rate ng transaction ng PayPal (kasama ang aming **currency conversion fee**).

Kung magpapadala ka ng bayad sa isang kaibigan o miyembro ng pamilya mula sa isang third party (hindi PayPal) na website o sa pamamagitan ng paggamit ng produkto o serbisyo ng isang third party, ang third party na iyon ang tutukoy kung ang sender o recipient ang magbabayad ng fee. Ipapaalam ito sa iyo ng third party bago simulan ang pagbabayad.

Hindi ka dapat magpadala ng mga bayad bilang personal na transaction (madalas na tinutukoy bilang paggamit sa feature “magpadala ng bayad sa kaibigan o kapamilya” sa PayPal account mo) kapag nagbabayad ka para sa mga produkto o serbisyo. Tandaan na ang feature na “magpadala ng bayad sa isang kaibigan o kapamilya” ay maaaring hindi available kapag nagpapadala ng pera sa isang account ng negosyo dahil hindi kwalipikado ang mga naturang account na makatanggap ng mga personal na transaction.

Pagbili ng Isang Bagay mula sa, Pag-donate sa, o Pagsasauli ng Isang Bagay sa, isang Seller na Tumatanggap ng PayPal

Paano bumili ng isang bagay o magbigay ng donasyon

Pwede kang bumili ng isang bagay sa isang seller na tumatanggap ng PayPal o magbigay ng donasyon sa anumang currency na tinatanggap ng recipient, at sinusupportahan ng PayPal, gamit ang balanse sa PayPal account mo, o gamit ang anumang **paraan ng pagbabayad** na naka-link sa iyong PayPal account. Halimbawa, kasama rito ang:

- Pagbili ng isang bagay sa website ng isang online retailer at pagpili ng PayPal bilang iyong paraan ng pagbabayad sa checkout.
- Pagpapadala ng bayad sa isang seller para sa produkto o serbisyo.
- Paggamit ng PayPal account mo para bumili ng isang bagay sa pisikal na tindahan ng isang seller.
- Pagbibigay ng mga donasyon gamit ang PayPal.

Kung ang seller na binibilhan mo ay nagbebenta ng mga produkto at wala pang PayPal account ang seller na iyon, pwede nilang kunin ang bayad mo sa pamamagitan ng pagbubukas ng PayPal account. Kung hindi sila magbubukas ng PayPal account sa loob ng 30 araw, ire-refund ang nabili mo.

Upang mabawasan ang panganib, pwedeng limitahan ng PayPal ang mga paraan ng pagbabayad na available para sa isang transaction kapag bumibili ka ng isang bagay o nagbigay ka ng donasyon. Bilang karagdagan, maaaring limitahan ang mga paraan ng pagbabayad para sa ilang partikular na seller o recipient, kasama ang mga pagbabayad sa PayPal na ginawa sa pamamagitan ng mga partikular na third-party website o application, halimbawa:

- Maaaring hindi maging available ang American Express bilang isang paraan ng pagbabayad para sa ilang partikular na merchant, gaya ng mga branded na airline at ilang travel merchant;
- Maaaring hindi maging available ang ilang credit card bilang paraan ng pagbabayad para sa ilang partikular na merchant, gaya ng nasa industriya ng sugal; at
- Hindi pwedeng gumamit ng mga credit card para magpadala ng mga personal na pagbabayad o i-top up ang balanse sa PayPal account mo.

Kapag pinahintulutan mo ang isang pagbabayad sa isang seller na tumatanggap ng PayPal, maaaring magtagal nang hanggang 30 araw ang ilang seller para makumpleto ang transaction. Sa mga pagkakataong ito, maaaring lumabas ang pagbabayad mo bilang isang pending na order sa PayPal account mo. Sa pagkakataong iyon, ang iyong awtorisasyon sa pagbabayad ay mananatiling valid hanggang sa makumpleto ng seller ang transaction (pero hindi lalampas nang 30 araw). Kung gumamit ka ng debit o credit card bilang paraan ng pagbabayad, maaari ding magpakita ang debit o credit card issuer mo ng pending na awtorisasyon nang ilang araw hanggang sa ma-release nila ang hold o makatanggap sila ng nakumpletong transaction.

Kung nangangailangan ng currency conversion namin ang pagbabayad mo, tutukuyin at ilalapat ang exchange rate ng transaction ayon sa inilalarawan sa seksyong **Paano kami nagko-convert ng currency** at tutukuyin ito sa panahon kung kailan naiproseso ang pagbabayad.

Mga Fee

Kapag bumibili ka ng isang bagay mula sa isang seller na tumatanggap ng PayPal o nagbibigay ng donasyon, hindi mo kailangang magbayad ng fee sa PayPal. Kung magsasagawa ang PayPal ng currency conversion para sa pagbili o donasyon mo, gagamitin ang exchange rate ng transaction ng PayPal (kasama ang **currency conversion fee** namin).

Maaari ka ring singilin ng credit card o debit card issuer mo ng hiwalay na fee para sa mga transaction.

Review ng pagbabayad

Kapag natukoy ng PayPal ang isang potensyal na mapanganib na transaction, nire-review namin ang transaction nang mas maigi bago ito payagang magpatuloy. Kapag nangyayari ito, magpapataw ng hold ang PayPal sa transaction at ino-notify nito ang seller na i-delay ang pagpapadala ng item. Bilang isang buyer, maaari nitong maantala ang pagtanggap mo sa item na binili mo. Kung iki-clear namin ang transaction, ino-notify namin ang seller at bibilinan namin silang i-ship ang item. Kung hindi namin iki-clear ang transaction, kakanselahin namin ito at ibalik namin ang pondo sa iyo, maliban kung inaatasan kaming batas na gumawa ng ibang aksyon.

Mga awtomatikong pagbabayad

Pwede kang sumang-ayon sa isang seller na tumatanggap ng PayPal na gamitin ang PayPal bilang paraan ng pagbabayad para sa mga pagbili sa hinaharap sa seller na iyon. Ang kasunduang ito ay sa pagitan mo at ng seller at binibigyang-daan nito ang seller na kumuha ng pondo mula sa PayPal account mo gamit ang iyong awtorisasyon nang isang beses lang, regular o panaka-naka. Ang mga halimbawa ng mga awtomatikong pagbabayad na pwedeng mong ipatupad sa isang seller o sa PayPal ay kinabibilangan ng mga tinatawag ng PayPal na "billing agreement," "subscription," "umuulit na pagbabayad," "reference transaction," "preauthorized debit o PAD", "preauthorized transfer" o "preapproved na pagbabayad."

Pwede kang magkansela ng awtomatikong pagbabayad nang hanggang 3 **Araw ng Negosyo** bago ang petsa ng susunod na nakaiskedyul na pagbabayad sa settings ng account o sa pamamagitan ng pagkikipag-ugnayan sa amin sa **PayPal Help Center**. Kapag nakansela ang isang awtomatikong pagbabayad, ihihinto ang lahat ng awtomatikong pagbabayad sa hinaharap sa ilalim ng kasunduan ninyo ng seller na iyon. Kung magkakansela ka ng awtomatikong pagbabayad, pwedeng kailangan mo pa ring magbayad ng pondo sa seller para sa pagbili, o mayroon kang mga karagdagang obligasyon sa seller para sa mga produkto o serbisyong natanggap mo, pero hindi mo pa nababayaran at pwedeng kailanganin mong bayaran ang seller sa pamamagitan ng mga alternatibong paraan.

Kung nagbigay ka ng paunang awtorisasyon, sa isang seller o sa PayPal, na nagpapahintulot sa isang seller na kumuha o tumanggap ng bayad mula sa PayPal account mo nang regular o paulit-ulit (halimbawa, kada buwan o ayon sa isang regular na billing cycle), at kung mag-iiba-iba ang halaga ng naturang mga pagbabayad, may karapatan kang makatanggap ng paunang abiso ng halaga at petsa ng transfer mula sa seller nang hindi iikli sa 10 araw bago isagawa ang transfer. Kung bibigyan ka ng opsyon ng seller, pwede mong piliing matanggap lang ang paunang abiso na ito kung ang halaga ng iyong awtomatikong pagbabayad ay lalampas sa isang range na pinagkasunduan ninyo ng seller.

Kung nagpahintulot ka ng awtomatikong pagbabayad at nagsasagawa ang PayPal ng **currency conversion** para sa isang transaction ng awtomatikong pagbabayad, gagamitin ng PayPal ang exchange rate ng transaction (kasama ang **currency conversion fee** ng PayPal) na may bisa noong panahong naiproseso ang transaction ng awtomatikong pagbabayad.

Mga Refund

Kapag bumili ka ng isang bagay mula sa isang seller online gamit ang PayPal at sa kalaunan ay na-refund ang transaction, karaniwang ire-refund ang bayad sa orihinal na paraan ng pagbabayad na ginamit mo para sa transaction kung gumamit ka ng credit card, debit card o balanse sa PayPal account mo. Kung gumamit ka ng bank account bilang paraan ng pagbabayad para sa transaction, ire-refund namin ang bayad sa bank account mo, o sa balanse sa iyong PayPal account kung hindi namin ito mairere-refund sa bank account mo. Para sa mga pagbiling isinagawa mo sa store ng seller na binayaran mo gamit ang iyong PayPal account at sa kalaunan ay na-refund ang transaction, ire-refund ang bayad sa balanse sa PayPal account mo.

Kung nagsagawa ang PayPal ng currency conversion para sa transaction at nag-isyu ng refund para dito:

- sa loob ng 1 araw mula noong petsa ng orihinal na pagbabayad, gagamitin ang exchange rate ng transaction (kasama ang aming currency conversion fee) na ginamit noong orihinal na pagbabayad.
- lampas ng 1 araw mula noong petsa ng orihinal na pagbabayad, gagamitin ang exchange rate ng transaction (kasama ang aming currency conversion fee) ng PayPal sa petsa ng refund. Maaaring ilapat kaagad ang exchange rate ng transaction at nang walang abiso sa iyo. Ibig sabihin, baka hindi mo matanggap ang buong halaga ng iyong orihinal na pagbabayad dahil sa mga fee sa itaas at mga pagbabago sa mga currency conversion rate.

Ire-refund ang mga pagbabayad sa currency sa ginamit mo sa pagbabayad, o kung hindi namin mairere-refund ang currency na ginamit mo sa pagbayad, sa iyong pangunahing holding currency.

Paraan ng Pagbabayad na Ginamit para sa Transaction Ko

Pagpili ng preferred na paraan ng pagbabayad

Sa ilang partikular na bansa, pwede kang pumili ng alinman sa mga paraan ng pagbabayad sa iyong PayPal account bilang iyong preferred na paraan ng pagbabayad. Pwede kang pumili ng preferred na paraan ng pagbabayad sa iyong mga preference sa account. Maaaring may mga pagkakataon kung saan hindi magagamit ang iyong preferred na paraan ng pagbabayad, halimbawa, kung pumili ka ng nag-expire na na credit card.

Pwede kang mag-set ng magkakahiwalay na preferred na paraan ng pagbabayad para sa mga online na transaction, in-store na transaction at awtomatikong pagbabayad sa isang seller.

Kung pumili ka ng preferred na paraan ng pagbabayad, ipapakita ito bilang pangunahing paraan ng pagbabayad.

Ang availability ng mga partikular na paraan ng pagbabayad ay pwedeng maging limitado batay sa partikular na seller na iyon o sa third party na website na ginagamit mo para kumpletuhin ang transaction.

Kung hindi ka pa pumipili ng preferred na paraan ng pagbabayad, o hindi available ang iyong preferred na paraan ng pagbabayad, magpapakita kami sa iyo ng mga available na paraan ng pagbabayad, kasama ang paraan ng pagbabayad na pinakamadalas o pinakamakailan mong ginamit, sa panahon ng transaction. Pwede ka ring mag-click sa link na "Pamahalaan" para makita ang lahat ng iyong available na paraan ng pagbabayad, o magdagdag ng bago, at pumili ng paraan ng pagbabayad sa gitna ng transaction.

Backup na paraan ng pagbabayad

May ilang partikular na one-time na online na transaction na maaaring mangailangan ng paggamit ng backup na paraan ng pagpopondo kung sakaling hindi available ang iyong napili o preferred na paraan ng pagbabayad. Sa mga pagkakataong iyon, pwedeng ipakita sa iyo ang backup na paraan ng pagpopondo sa page ng review ng transaction mo, bago mo kumpletuhin ang transaction. Tandaang nalalapat lang ito sa mga one-time at online na transaction, at hindi para sa mga awtomatikong pagbabayad. Kung matutukoy ng PayPal na kinakailangan ang currency conversion para sa isang transaction na nangangailangan din ng backup na paraan ng pagbabayad, maaaring hindi mo hiwalay na mapili kung PayPal o ang card issuer mo ang magsasagawa ng currency conversion sa iyong backup na paraan ng pagbabayad.

Pagpapadala ng bayad sa mga kaibigan at pamilya

Kapag nagpadala ka ng mga personal na transaction sa mga kaibigan at pamilya gamit ang balanse sa PayPal account mo (kung available) o ang bank account mo, iwe-waive namin ang lahat ng fee, kaya palagi muna naming ipinapakita sa iyo ang mga opsyon sa pagbabayad na ito, kahit na nag-set ka na ng preferred na paraan ng pagbabayad para sa iyong mga online na pagbili. Tandaan, palagi kang may opsyong pumili ng anumang paraan ng pagbabayad sa PayPal account mo sa pamamagitan ng pag-click sa link na "Baguhin" sa page na Magpadala ng Bayad. Kung pipili ka ng paraan ng pagbabayad na may fee, palagi naming ipapakita sa iyo ang fee bago mo ipadala ang bayad.

Mga awtomatikong pagbabayad

Binibigyang-daan ka ng ilang seller na i-store ang PayPal bilang paraan ng pagbabayad kapag bumibili sa site nila, para makapag-check out ka nang mas mabilis. Karaniwan, may kaakibat itong pagpasok sa kasunduan sa seller na nagbibigay-daan sa kanilang mag-request na singilin namin ang PayPal account mo sa bawat pagkakataong bumibili ka.

Pwede kang pumili ng paraan ng pagbabayad para sa mga pagbili sa hinaharap sa isang partikular na seller sa oras ng paggawa sa kasunduan o sa settings ng account mo. Halimbawa, pwede mong atasan ang iyong buwanang movie subscription service na palaging singilin ang credit card mo para sa buwanang gastusin.

Kung hindi available ang napili mong paraan ng pagbabayad (hal. nag-expire ang credit card), ang isang partikular na kasunduan sa isang seller ay hindi naglalaan ng kakayahang tumukoy ng paraan ng pagbabayad, o kung hindi ka nagtalaga ng paraan ng pagbabayad para sa mga transaction sa hinaharap sa isang seller, ang paraan ng pagbabayad na gagamitin ay ayon sa pagkakasunod-sunod na ito, kung naaangkop: 1. balanse; 2. bank account (instant transfer); 3. PayPal co-branded debit card; 4. PayPal co-branded credit card; 5. debit card; 6. credit card; at 7. eCheque.

Pwede mong kanselahin ang anumang kasunduan sa settings ng account mo.

Mga bank account transfer

Kapag ginagamit mo ang bank account mo bilang paraan ng pagbabayad, pinapayagan mo ang PayPal na mag-initiate ng transfer mula sa bank account mo patungo sa recipient. Para sa mga transaction na ito, gagawa ng mga electronic transfer ang PayPal mula sa bank account mo sa halagang tutukuyin mo. Pinahihintulutan mo ang PayPal na subukan ulit ang transfer na ito kung tatanggihan ng bangko mo ang unang transfer sa anumang dahilan.

eCheque

Ang eCheque ay isang paraan ng pagbabayad kung saan ginagamit mo ang iyong bank account bilang paraan ng pagbabayad, at hindi matatanggap ng recipient ang bayad hanggang sa maiproseso ang transaction mula sa bangko. Karaniwang nagtatagal ang proseso nang 3-5 **Araw ng Negosyo**, pero pwedeng mas tumagal ito kung ipinadala ang bayad mula sa isang bank account na matatagpuan sa labas ng iyong bansa/rehiyon.

Kung eCheque ang iyong preferred na paraan ng pagbabayad, gagamitin ito para pondohan ang iyong pagbabayad sa PayPal kahit na may balanse ka sa PayPal account mo.

Buyer Protection Program ng PayPal

Buyer Protection ng PayPal

Kapag bumibili ka ng isang bagay mula sa isang seller na tumatanggap ng PayPal, pwede kang maging kwalipikado para sa isang refund sa ilalim ng programang **Proteksyon sa Mamimili ng PayPal**. Kapag naaangkop, binibigyan ka ng programang **PayPal's Buyer Protection**, ng karapatan para sa reimbursement ng buong presyo sa pagbili ng item bukod pa sa orihinal na gastos sa pagpapadala na binayaran mo, kung mayroon man. Tinutukoy ng PayPal, sa sariling pagpapasya nito, kung kwalipikado ang claim mo para sa programang PayPal's Buyer Protection. Ang orihinal na pagpapasya ng PayPal ay itinuturing na panghuling desisyon, pero pwede mo pa ring iapela ang desisyon sa PayPal kung mayroon kang bago o nakakakumbinsing impormasyong hindi available noong ginawa ang orihinal na pagpapasya o kung naniniwala kang may pagkakamali sa proseso ng pagdedesisyon.

Isinasaad ang mga tuntunin at kondisyon ng buong programa sa page ng programang **PayPal's Buyer Protection** at bahagi ang mga ito ng user agreement na ito.

Pagbebenta at Pagtanggap ng Mga Bayad

Pagtanggap ng Mga Bayad

Pagtanggap ng mga bayad

Ang kakayahang tumanggap ng mga bayad ay iba-iba ayon sa bansa/rehiyon. Matutukoy mo kung may kakayahan kang tumanggap ng mga bayad sa pamamagitan ng pag-log in sa PayPal account mo.

Kung ginagamit mo ang PayPal account para tumanggap ng mga pagbabayad para sa pagbebenta ng mga produkto o serbisyo, o para tumanggap ng mga donasyon, dapat mong gawin ang:

- Bayaran ang anumang naaangkop na fee para sa pagtanggap ng bayad.
- Huwag hilingin sa buyer mo na magpadala sa iyo ng bayad bilang personal na transaction (madalas na tinutukoy bilang paggamit sa feature na “magpadala ng bayad sa kaibigan o kapamilya”). Kung gagawin mo ito, pwedeng alisin ng PayPal ang kakayahan ng PayPal account mo na tumanggap ng mga bayad mula sa mga kaibigan o kapamilya.

Sa pamamagitan ng pag-integrate sa online na checkout/platform mo ng anumang functionality na nakalaan para bigyang-daan ang isang nagbabayad na walang PayPal account na magpadala ng bayad sa PayPal account mo, sinasang-ayunan mo ang lahat ng karagdagang terms of use ng functionality na iyon na gagawing available para sa iyo ng PayPal sa anumang page sa website (kasama ang anumang page para sa mga developer at ang aming page na **Mga Legal na Kasunduan**) o online na platform ng PayPal o Braintree. Kasama sa mga nasabing karagdagang tuntunin ang **Mga Tuntunin sa Alternatibong Paraan ng Pagbabayad** ng PayPal.

Walang surcharge

Sumasang-ayon kang hindi ka magpapataw ng surcharge o anupamang fee para sa pagtanggap sa PayPal bilang paraan ng pagbabayad. Pwede kang maningil ng fee para sa pagpapadala kaugnay ng pagbebenta ng mga produkto o serbisyo hangga't hindi nagsisilbing surcharge ang fee para sa pagpapadala at hindi ito mas mahal kaysa sa fee para sa pagpapadala na sisingilin mo para sa mga transaction na hindi sa PayPal.

Hitsura ng PayPal

Dapat mong ituring man lang ang mga paraan ng pagbabayad o marka ng PayPal na kapareho ng anumang paraan ng pagbabayad na iniaalok sa mga point of sale mo, saanman naka-integrate ang mga branded na serbisyo ng PayPal, kasama ang mga webiste o mobile application mo. May kasama itong kapareho o mas maganda kahit papaano na: placement ng logo, posisyon saanmang point of sale, at pangangasiwa pagdating sa daloy ng pagbabayad, mga tuntunin, mga kondisyon, mga paghihigpit, at mga fee, sa bawat sitwasyon kumpara sa ibang marka at paraan ng pagbabayad sa mga point of sale mo. Dagdag pa, hindi ka dapat magpakita ng anumang paraan ng pagbabayad o markang mauuna (o sa naunang bahagi sa karanasan sa checkout) sa pagpapakita ng anumang serbisyo o marka ng PayPal.

Sa mga representasyon sa mga customer mo o sa komunikasyon sa publiko, hindi mo dapat maling tukuyin ang anumang PayPal service bilang paraan ng pagbabayad o hindi ka dapat magpakita ng preference para sa iba pang paraan ng pagbabayad sa anumang PayPal service. Sa lahat ng point of sale mo, sumasang-ayon kang hindi pigilan o pagbawalan ang mga customer mo mula sa paggamit ng PayPal o hikayatin ang customer mong gumamit ng alternatibong paraan ng pagbabayad. Kung papayagan mo ang mga customer mo na bayaran ka gamit ang PayPal, kapag ipinakita mo ang mga paraan ng pagbabayad na tinatanggap mo (sa anumang point of sale o sa mga materyales mo sa marketing, advertising, at iba pang komunikasyon sa customer), sumasang-ayon kang ipakita ang mga marka ng pagbabayad gamit ang mga PayPal service nang malinaw kahit papaano, at sa positibong paraan kahit papaano, gaya ng ginagawa mo para sa lahat ng iba pang paraan ng pagbabayad.

Ang polisiya sa refund at polisiya sa privacy mo

Dapat kang mag-publish ng polisiya sa refund at pagsasauli, pati ng polisiya sa privacy, kung saan iniaatas ng batas.

Review ng pagbabayad

Nire-review ng PayPal ang ilang partikular na posibleng lubhang mapanganib na transaction. Kung tutukuyin ng PayPal, sa sarili nitong pagpapasya, na lubhang mapanganib ang isang transaction, iho-hold namin ang bayad at bibigyan ka namin ng abisong ipagpaliban ang pag-ship ng item. Magsasagawa ng review ang PayPal at kukumpletuhin o kakanselahin nito ang pagbabayad. Kung nakumpleto ang pagbabayad, bibigyan ka ng PayPal ng abisong i-ship ang item. Kung hindi man, kakanselahin ng PayPal ang pagbabayad at isasauli ang pondo sa buyer, maliban kung iniaatas sa amin ng batas na magsagawa ng iba pang aksyon. Magiging kwalipikado para sa Seller Protection program ng PayPal ang lahat ng pagbabayad na kumukumpleto sa review ng pagbabayad na ito kung matutugunan ng mga ito ang mga kinakailangan sa Seller Protection program ng PayPal. Aabisuhan ka namin sa pamamagitan ng email at/o sa pamamagitan ng PayPal account mo.

PIN ng in-store na pagbabayad

Kung tatanggap ka ng mga bayad sa PayPal sa aktwal na store mo, dapat mong sabihin sa customer ang buong halaga ng transaction bago ito isagawa. Pwede mong singilin ang account ng customer mo para lang sa mga transaction na awtorisado niya. Dapat mo ring bigyan ang mga customer ng aktwal na resibo kung magre-request siya nito. Sumasang-ayon kang ang anumang transaction na gagawin mo ay may tumpak at makatotohanang paglalarawan dapat ng mga binibiling produkto at serbisyo.

Mga seller sa marketplace

Kung isa kang sa seller sa isang marketplace o sa isang third-party na application kung saan iniaalok ang PayPal, dapat mong sundin ang anumang panuntunang nalalapat sa programang buyer protection ng marketplace o third party na application para sa mga pagbebang gagawin mo sa forum na iyon. Posibleng hilingin sa iyo ng anumang nasabing proteksyon na magsagawa ng ilang partikular na aksyon at posibleng maapektuhan nito kung paano ipinoproceso ang mga claim.

Mga transaction kapag walang dalang card

Kapag gumamit ang buyer ng debit o credit card bilang paraan ng pagbabayad para sa isang transaction gamit ang kanyang account para bumili ng isang bagay mula sa iyo bilang seller, ipoproceso ang transaction bilang transaction na "walang dalang card," kahit na nasa lokasyon ng store mo ang buyer.

Pagtanggap ng mga pagbabayad na may paunang pahintulot

Bilang seller, pwede kang isahan, regular, o paminsan-misang tumanggap ng mga bayad mula sa account ng isang buyer sa pamamagitan ng mga pagbabayad na may paunang pahintulot. Ang uri ng transaction na ito ay minsang tinatawag na "kasunduan sa billing," "subscription," "umuulit na pagbabayad," "reference transaction," "debit na may paunang pahintulot o preauthorized debit o PAD," "pag-transfer na may paunang pahintulot," "pagbabayad na may paunang pahintulot," o "awtomatikong pagbabayad."

Kung tatanggap ka ng mga pagbabayad na may paunang pahintulot mula sa mga buyer:	
Dapat mong gawin ang mga sumusunod:	Hindi mo dapat gawin ang mga sumusunod:
Kunin ang paunang awtorisasyon ng bawat buyer para sa halaga, dalas, at tagal ng anumang nasabing pagbabayad.	I-restart ang mga pagbabayad sa hinaharap nang wala ang nakasulat na awtorisasyon ng buyer, kung hininto o kinansela ng buyer ang isang pagbabayad na may paunang pahintulot.
Magbigay ng simple at madaling ma-access na online na proseso sa pagkansela, kung magsa-sign up ang mga buyer para sa mga pagbabayad na may paunang pahintulot online.	
Bigyan ang mga mamimili ng kakayahang maghinto ng anumang naturang pagbabayad nang hanggang 3 Araw ng Negosyo bago ang petsang nakaiskedyul para sa pagbabayad.	
Aabisuhan ang buyer nang mas maaga nang hindi bababa sa 10 araw tungkol sa halaga at petsa ng bawat pagbabayad na may paunang pahintulot kung mag-iiba ang pagbabayad na may paunang pahintulot sa halagang may paunang pahintulot o (kung pipiliin ng buyer) anumang halagang wala sa paunang natukoy na saklaw.	

Mga Bansang May Kakayahang Awtomatikong Mag-transfer

Kung residente ka ng Bansang May Kakayahang Awtomatikong Mag-transfer, may kakayahan kang tumanggap ng mga bayad, pero dapat mong i-withdraw ang buong halaga ng bayad mo sa pamamagitan ng available na paraan sa pag-withdraw. Kung hindi mo ito gagawin, regular na awtomatikong mawi-withdraw ang mga halaga mula sa PayPal account mo papunta sa paraan mo sa pag-withdraw. Para sa mga karagdagang tuntunin kaugnay ng Awtomatikong Transfer, mag-click **dito**.

Mga Transaction Fee para sa Mga Online at In-store na Pagbabayad

Mga standard na transaction fee

Nakadepende sa bansa/rehiyon ng buyer ang mga transaction fee mo sa PayPal. Ang mga fee na binabayaran mo kapag nagbebenta ng mga produkto o serbisyo o tumatanggap ng mga donasyon, at binabayaran ng buyer gamit ang PayPal account niya (o gamit ang ibang awtorisadong wallet) ay makikita sa talahanayang **Mga Fee para sa Mga Komersyal na Pagbabayad**. Tandaang:

- Pwede naming i-adjust ang mga fee na naaangkop sa mga transaction sa hinaharap na ipoproseso mo gamit ang PayPal. Bibigyan ka namin ng paunang abiso sa loob ng hindi bababa sa 14 na araw tungkol sa anumang pagtaas ng fee o pagdaragdag ng bagong uri ng fee.
- Kung tatanggap ka ng mga bayad gamit ang isang produkto ng PayPal (gaya ng PayPal Payments Pro), malalapat sa mga transaction mo ang mga fee na naaangkop sa mga produktong iyon.

Merchant rate

Para maging kwalipikado para sa aming merchant rate, ikaw ay dapat magsumite ng pang-isahang aplikasyon, magkaroon ng kwalipikadong dami ng buwanang sales, at magkaroon ng business account na in good standing. Para tingnan ang mga pamantayan sa Merchant rate, mag-click **dito**.

Pakitandaan na available lang ang merchant rate sa mga merchant na may mga PayPal account na nakarehistro sa ilang bansa/rehiyon.

Mga Fee para sa Micropayment

Pwede kang maging kwalipikado para tumanggap ng pagpepresyo ng mga micropayment para sa pagbebenta ng mga produkto at serbisyo sa pamamagitan ng PayPal account mo, kung karaniwang mas mababa sa \$10 USD ang average ng mga transaction mo. Para maging kwalipikado, may PayPal account ka dapat na in good standing (halimbawa, walang limitasyon o negatibong balanse sa iyong PayPal account), hindi ka dapat nagpoproseso ng mga pagbabayad gamit ang PayPal Payments Pro, at dapat kang magsumite ng aplikasyon at ipaaprubahan ito sa amin.

Kung naaprubahan ang PayPal account mo para tumanggap ng mga micropayment, malalapat ang mga fee na makikita sa **talahanayan ng Mga Fee para sa Micropayment** sa lahat ng transaction para sa pagbebenta ng mga produkto o serbisyong naiproseso sa pamamagitan ng PayPal account mo, sa halip na sa Mga Fee para sa Mga Komersyal na Pagbabayad. Kung marami kang PayPal account, dapat mong idirekta sa naaangkop na account ang iyong mga transaction ng mga micropayment. Kapag naiproseso na ang isang transaction, hindi idirekta ng PayPal ang transaction sa ibang account.

Sa pamamagitan ng pag-apply para sa Mga Micropayment para sa Digital Goods, sumasang-ayon kang para sa mga transaction ng digital goods, matatanggap mo ang hanggang sa mga halagang nasa **talahanayan**, at kung may mamimiling magbubukas ng Dispute, pwedeng i-reverse ng PayPal ang transaction, at alisin nito ang pondo sa account mo nang hindi hinihiling sa mamimiling gawing claim ang dispute.

PayPal Payouts

Kung ginagamit mo ang PayPal Payouts (dating Mass Pay), malalapat ang mga term ng **mga Tuntunin at Kondisyon ng PayPal Payouts**.

Ang responsibilidad mong abisuhan ang PayPal tungkol sa mga error sa presyo o fee.

Kapag nagkaroon ka na ng access sa anumang (mga) account statement o sa iba pang impormasyon sa activity sa account na inilaan sa iyo ng PayPal na may kinalaman sa (mga) account ng negosyo mo, magkakaroon ka ng animnapung (60) araw para abisuhan ang PayPal sa pamamagitan ng pagsulat tungkol sa anumang pagkakamali o pagkakaiba na may kinalaman sa pagpepresyo o iba pang fee na inilapat ng PayPal. Kung hindi mo aabisuhan ang PayPal sa loob ng panahong ito, tinatanggap mong tumpak ang nabanggit na impormasyon, at wala magiging obligasyon ang PayPal na magsagawa ng anumang pagwawasto, maliban na lang kung kakailanganin ng naaangkop na batas. Para sa mga layunin ng probisyon na ito, ang mga nabanggit na error o pagkakaiba sa pagpepresyo o fee ay iba sa hindi awtorisadong transaksyon at iba pang error sa electronic transfer kung saan napapailalim ang bawat isa sa iba't ibang takdang panahon sa pag-aabiso ayon sa nakasaad sa user agreement na ito.

Mga Refund, Reversal, at Chargeback

Pangkalahatang impormasyon

Kung makatanggap ka ng bayad para sa pagbebenta ng mga produkto o serbisyo na kalaunan ay na-refund o naging invalid sa anumang dahilan, ikaw ang responsable para sa buong halaga ng bayad na ipinadala sa iyo pati sa anumang fee (kabilang ang anumang naaangkop na **chargeback fee** o **Fee ng dispute** na inilalarawan sa ibaba). Kapag na-refund o kung hindi man ay na-reverse ang isang transaction, ire-refund o ire-reverse ng PayPal ang transaction mula sa PayPal account mo sa parehong currency na ginamit sa orihinal na transaction. Kung kulang ang balanse sa PayPal account mo para sa isang partikular na currency para sagutin ang halaga ng isang refund o reversal, magsasagawa ang PayPal ng currency conversion para ma-refund o ma-reverse ang transaction. Gagamitin ang exchange rate para sa transaction ng PayPal (kabilang ang aming **currency conversion fee**) sa oras na iproseso ang refund o reversal.

Kung magre-refund ka ng transaction, pananatilihin namin ang mga fee na ibinayad mo gaya ng nakatalaga sa aming page ng mga **Fee**.

Mga pagbabayad na inalis ang pagiging valid at na-reverse

Pwedeng alisin ng PayPal ang pagiging valid at i-reverse nito ang mga pagbabayad kung:

- Mawawalan ka ng claim sa Proteksyon sa Buyer ng PayPal na isinumite sa amin ng buyer.
- Nabigo kang sumagot o magbigay ng tumpak at kumpletong impormasyon bilang tugon sa mga tanong ng PayPal na nauugnay sa mga claim o chargeback ng isang buyer sa partikular na transaksyon sa napapanahon na paraan sa loob ng timeframe na ipinararating sa iyo ng PayPal.
- Magsasagawa ang buyer mo ng chargeback na nauugnay sa transaction na pinopondohan gamit ang card at hindi kwalipikado ang transaction para sa **Seller Protection ng PayPal**. Tutukuyin ng card issuer, hindi ng PayPal, kung nagtagumpay ang isang buyer noong nagsagawa siya ng chargeback na nauugnay sa isang transaction na pinondahan gamit ang card.
- Hindi mo natutugunan ang transaction gaya ng ipinangako o hindi ka makapagbigay ng **katibayan ng shipment o katibayan ng delivery** kapag kinakailangan.
- Kung mapag-aalamang mapanloko ang transaction sa aming pag-imbetiga sa isang reversal ng bangko na ginawa ng buyer o bangko ng buyer.
- Nagkamali ang PayPal sa pagpapadala sa iyo ng bayad.
- Hindi awtorisado ang pagbabayad.
- Natanggap mo ang pagbabayad para sa mga activity na lumabag sa user agreement na ito, ang **Acceptable Use Policy** ng PayPal, o anupamang kasunduan sa pagitan mo at ng PayPal.

Kapag nakatanggap ka ng bayad, mananagot ka sa PayPal para sa buong halaga ng bayad na ipinadala sa iyo pati sa anumang fee kung alisin ang pagiging valid ng pagbabayad sa hinaharap para sa anumang dahilan. Kung nagbayad ang buyer sa ibang currency, ang buong halaga ng bayad na ipinadala sa iyo ay posibleng kalkulahan sa currency na iyon gamit ang exchange rate para sa transaction ng PayPal (kabilang ang aming **currency conversion fee**) sa oras na iproseso ang refund o reversal. Kung hindi sapat ang balanse sa PayPal account mo para masaklaw ang pananagutan mo para sa halaga ng pagbabayad at mga fee, magreresulta ito sa negatibong balanse sa iyong PayPal account. Kinakatawan ng anumang negatibong balanse sa iyong PayPal account ang halagang kailangan mong bayaran sa amin, at, sa sitwasyong ito, dapat kang maglagay kaagad ng pondo sa PayPal account mo para maalis ito. Kung hindi mo ito gagawin, pwedeng gawin ng PayPal ang mga sumusunod:

- bawiin ang anumang halagang due sa PayPal sa pamamagitan ng pag-debit sa balanse ng PayPal account mo;
- magsagawa ng mga pangongolekta para ma-recover ang mga nasabing halaga mula sa iyo;
- magsagawa ng lahat at anumang pagkilos na nakabalangkas sa ilalim ng **Mga halagang hindi pa naibabayad sa PayPal**; o
- maglagay ng limitasyon o gumawa ng iba pang pagkilos sa PayPal account mo gaya ng nakabalangkas sa ilalim ng **Mga Pinaghihigpitang Activity, Hold at Iba pang Pagkilos na Posible Naming Gawin**.

Mga fee ng dispute:

Maniningil ang PayPal ng **Dispute fee** sa mga seller para sa pangangasiwa sa online na proseso ng pagresolba sa dispute para sa mga transaction na ipinoproseso sa pamamagitan ng PayPal account ng buyer o sa pamamagitan ng PayPal guest checkout. Nalalapat ang **Dispute fee** kapag itinuloy ng buyer ang isang claim nang direkta sa PayPal, isang chargeback sa kanyang card issuer, o isang reversal sa kanyang bangko. Isisingil ang **Dispute fee** ayon sa rate ng **Standard Dispute fee** o sa rate ng **High Volume Dispute fee**. Isisingil ang **Dispute fee** gamit ang currency na pinili mo para sa listing ng orihinal na transaction. Kung ang transaction ay nasa currency na hindi nakalista sa table ng **Dispute fee**, ang isisingil na fee ay magiging nasa pangunahing holding currency mo. Ibabawas ang **Dispute feesa** PayPal account mo pagkatapos mapagpasyahan ang claim.

Matutukoy ang halaga ng **Dispute fee** kapag nagawa na ang dispute. Ang fee ay batay sa ratio ng kabuuang halaga ng transaction ng lahat ng **Hindi Natanggap na Item** at mga claim na **Significantly Not as Described** na matatanggap mo kumpara sa kabuuang halaga ng sales mo para sa nakaraang tatlong buwan ng kalendaryo. Kasama sa kabuuang claim mo ang lahat ng Hindi Natanggap na Item at mga claim na Significantly Not as Described na direktang na-file at in-escalate sa PayPal o sa card issuer o bangko ng buyer. Hindi kasama sa mga kabuuang claim mo ang mga claim para sa mga Hindi Awtorisadong Transaction. Halimbawa, para sa buwan ng Setyembre, kakalkulahan ang ratio ng mga dispute mo sa pamamagitan ng pagsasaalang-alang sa kabuuang claim mo sa sales ratio ng buwan ng Hunyo, Hulyo, at Agosto. Ang ratio ng claims para sa Setyembre ang magtatakda ng dispute fee para sa lahat ng claim na na-file noong Oktubre.

Kung ang Ratio ng Mga Dispute mo ay 1.5% o higit pa at nagkaroon ka ng higit sa 100 transaction sa sales sa nakaraang tatlong buwan ng kalendaryo, sisingilin ka ng **fee ng High Volume na Dispute** para sa bawat dispute. Kung hindi, sisingilin ka ng **fee ng Standard na Dispute** para sa bawat dispute.

Hindi ka sisingilin ng **fee ng Standard na Dispute** para sa mga dispute na:

- Mga tanong sa **Resolution Center** ng PayPal na hindi na-escalate sa isang claim sa PayPal.

- Direktang naresolba sa pagitan mo at ng mamimili at hindi na-escalate sa isang claim sa PayPal.
- Inihain mismo ng mamimili sa PayPal bilang **Hindi Awtorisadong Transaction**.
- Tinukoy ng PayPal sa sariling pagpapasya nito na natugunan ang lahat ng kinakailangan sa ilalim ng programang **PayPal's Seller Protection**.
- Mga claim na may halaga ng transaction na mas maliit kaysa sa dobleng halaga ng **fee ng Standard na Dispute**.
- Pinagpasyahan ng PayPal o ng issuer mo nang pabor sa iyo.

Hindi ka sisingilin ng **fee ng High Volume na Dispute** para sa mga dispute na:

- Mga tanong sa **Resolution Center** ng PayPal at mga tanong dito na hindi na-escalate sa isang claim sa PayPal.
- Direktang naresolba sa pagitan mo at ng mamimili at hindi na-escalate sa isang claim sa PayPal.
- Inihain mismo ng mamimili sa PayPal bilang **Hindi Awtorisadong Transaction**.

Posibleng kailanganin ng mga seller na siningil ng **mga fee ng High Volume na Dispute** na magbigay ng plano ng pag-aayos kung saan kasama ang isang paliwanag ng dahilan ng pagtaas ng rate ng dispute, ang mga pagkilos na isinagawa para mabawasan ang mga dispute, at ang mga timeline para sa mga pagkilos na iyon.

Kung nakikilahok ka sa **Pinaghihigpitang Activity**, posibleng singilin ng PayPal ang mga fee ng High Volume na Dispute para sa lahat ng dispute ng kasalukuyan at hinaharap anuman ang ratio ng dispute o dami ng sales mo, dahil sa tumaas na paglahok ng PayPal bilang resulta ng nasabing Pinaghihigpitang Activity.

Ang mga dispute na nakalista sa itaas ay posibleng hindi na singilin ng **fee ng Standard na Dispute** o ng **fee ng High Volume na Dispute**, pero posibleng kasama pa rin mismo ang claim sa kabuuang kalkulasyon ng ratio ng dispute mo.

Mga chargeback fee

Para sa mga transaction na hindi ipinoproseso sa pamamagitan ng PayPal account ng mamimili, o sa pamamagitan ng pag-checkout ng guest, at kung saan magsasagawa ng chargeback ang mamimili para sa transaction sa pamamagitan ng kanyang card issuer, singilin ka ng PayPal ng chargeback fee para sa pangangasiwa sa proseso ng chargeback. Malalapat ang fee na ito matagumpay man ang mamimili sa pagsasagawa ng chargeback sa card issuer o hindi.

Ibabawas ang naaangkop na chargeback fee sa PayPal account mo. Ang chargeback fee ang halagang tinukoy sa **Talahanayan ng mga Chargeback Fee** sa currency ng orihinal na transaction. Kung nasa currency na hindi nakalista sa **Talahanayan ng Chargeback fee** ang transaction, magiging nasa pangunahing holding currency mo ang isisingil na fee.

Kung may buyer na maghahain ng chargeback, tutukuyin ng card issuer, hindi ng PayPal, kung sino ang mananalò sa chargeback.

Epekto sa mga seller ng iba't ibang proseso ng Buyer Proteksyon

Dapat mong basahin at maunawaan ang programang **Buyer Protection ng PayPal** at kung ikaw ay magbebenta ng mga produkto at serbisyo sa at tatanggap ng mga pagbabayad mula sa mga buyer na may mga PayPal account sa mga bansa/rehiyon maliban sa sarili mong bansa/rehiyon, dapat ka ring maging pamilyar sa Buyer Protection ng PayPal na available para sa mga buyer sa bawat isa sa mga bansa/rehiyong iyon. Pwedeng makaapekto sa iyo bilang seller ang mga karapatan ng mga buyer sa ilalim ng mga programang ito. Makikita mo ang impormasyong ito para sa mga programa ng PayPal sa page na **Mga Legal na Kasunduan** sa pamamagitan ng pagpili sa lokasyon ng buyer mo sa itaas ng page at pagtukoy sa naaangkop na user agreement para sa heograpiyang iyon.

Kung mabibigo ang claim mo sa ilalim ng programang Buyer Protection ng PayPal sa anumang bansa/rehiyon:

- Kakailanganin mong mag-reimburse sa PayPal para sa pananagutan mo.
- Kasama sa pananagutan mo ang buong presyo ng pagbili ng item pati ang orihinal na halaga ng pag-ship (at sa ilang sitwasyon, posibleng hindi maisauli sa iyo ang item), at mga fee sa PayPal na siningil sa iyo para sa transaction. Nalalapat ito kapag ikaw ang pangunahing seller o pangalawang seller ng mga produkto o serbisyo. Halimbawa, ifo-forfeit ng mga event ticketing agent, o online travel agent ang buong halaga ng pagbili na binayaran ng buyer. Sa ilang sitwasyon, posibleng hindi mo na matanggap muli ang item.
- Ang claim ng Buyer Protection ay ituturing lang na lubusang naresolba na kung:
 - ang refund sa isang buyer ay naproseso gamit ang PayPal, o
 - nagbigay ka ng katibayang katanggap-tanggap sa PayPal, sa sarili nitong pagpapasya, na sumang-ayon ang buyer sa alternatibong resolusyon na ibinigay.
- Hindi ka makakatanggap ng refund ng mga fee sa PayPal na binayaran mo kaugnay ng pagbebenta.
- Kung ang claim ay Significantly Not as Described ang item na natanggap, posibleng hindi maisauli sa iyo ang item, o posibleng hilingin sa iyo na tanggapin ulit ang item at bayaran ang mga halaga ng pagpapadala ng isinauli.
- Kung ang claim ay Significantly Not as Described ang item na natanggap at nauugnay sa isang pekeng item na ibinenta mo, kakailanganin mong bigyan ng buong refund ang buyer at posibleng hindi maisauli sa iyo ang item.

Seller Protection Program ng PayPal

Ano ang kwalipikado

Kung nagbebenta ka ng produkto o serbisyo sa buyer, posibleng kwalipikado ka para sa programang **PayPal's Seller Protection**. Kapag nalalapat ito, binibigyan ka ng programang **PayPal's Seller Protection**, ng karapatang panatilihin ang buong halaga ng pagbili. Tinutukoy ng PayPal, sa sariling pagpapasya nito, kung kwalipikado ang claim mo para sa programang PayPal's Seller Protection. Walang limit sa bilang ng mga pagbabayad na kwalipikado para sa programang PayPal's Seller Protection. Sa pamamagitan ng pag-access sa page ng mga detalye ng transaksyon sa iyong PayPal account, makikita mo ang iyong mga transaksyon na posibleng kwalipikado para sa proteksyon sa ilalim ng programang ito.

Nakasaad ang mga tuntunin at kondisyon ng programa sa page ng programang **PayPal's Seller Protection** at bahagi ang mga ito ng user agreement na ito.

Mga Pinaghihigpitang Activity, Hold at Iba pang Pagkilos na Posible Naming Gawin

Mga Ipinagbabawal na Aktibidad

Kaugnay ng paggamit mo ng aming mga website, PayPal account mo, PayPal service, o sa proseso ng mga pakikipag-ugnayan mo sa PayPal, iba pang customer ng PayPal, o mga third party, hindi mo gagawin ang mga sumusunod:

- Lalabag sa user agreement na ito, sa **Acceptable Use Policy** ng PayPal, mga Kasunduan sa Commercial Entity (kung nalalapat ang mga ito sa iyo), o anumang **iba pang kasunduan** sa pagitan mo at ng PayPal.
- Lalabag sa anumang batas, statute, ordinansa, o regulasyon (halimbawa, mga sumasaklaw na financial na serbisyo, proteksyon sa consumer, hindi patas na kumpetisyon, advertising na anti-discrimination o hindi makatotohanan).
- Lalabag sa mga karapatan sa copyright, patent, trademark, trade secret, o iba pang intelektwal na pag-aari, o karapatan sa pagkakalantad o privacy ng PayPal o anumang third party.
- Magbebenta ng mga pekeng produkto.
- Kikilos sa paraang mapanirang-puri, trade libelous, mapaminsala, o nakakapanligalig.
- Magbibigay ng hindi makatotohanan, hindi tumpak, o mapanlinlang na impormasyon.
- Magpapadala o tatanggap ng pondong makatuwiran naming pinaniniwalaang posibleng mapanloko.
- Makikilahok sa posibleng mapanloko o kahina-hinalang activity at/o mga transaction.
- Tatanggap makilahok sa isang imbestigasyon o magbigay ng kumpirmasyon ng identity mo o anumang impormasyong ibibigay mo sa amin.
- Susubukang mag-double dip sa proseso ng isang dispute sa pamamagitan ng pagtanggap o pagtanggap sa pagtanggap ng pondo mula sa PayPal at seller, bangko, o card issuer para sa parehong transaction.
- Magkokontrol ng account na naka-link sa isa pang account na nakilahok sa alinman sa mga pinaghihigpitang activity.
- Isasagawa ang negosyo mo o gagamitin ang mga PayPal service sa paraang magreresulta o posibleng magresulta sa:
 - mga reklamo;
 - mga request ng mga buyer (na na-file sa amin o sa mga card issuer) na alisin ang pagiging valid ng mga pagbabayad na ginawa sa iyo; o;
 - mga fee, multa, parusa, o iba pang pananagutan o pagkawala sa PayPal, iba pang customer ng PayPal, mga third party, o sa iyo.
- Gagamitin ang PayPal account mo o mga PayPal service sa paraang makatuwiran ang paniniwalang ang PayPal, Visa, MasterCard, American Express, Discover, o anupamang network sa electronic funds transfer ay umaabuso sa card system o lumalabag sa mga panuntunan ng card asosasyon o network.
- Hayaan ang PayPal account mo na magkaroon ng negatibong balanse.
- Bibigyan ang sarili mo ng cash advance mula sa credit card mo (o tutulungan ang iba na gawin ito).
- I-access ang mga PayPal service mula sa bansang wala sa **listahan ng mga pinapahintutatang bansa** ng PayPal;
- Magsasagawa ng anumang aksyong nagpapataw ng hindi makatuwiran o masyadong malaking load sa aming mga website, software, system (kabilang ang anumang network at server na ginagamit para maibigay ang alinman sa mga PayPal service) na pinapatakbo namin o sa ngalan namin o ng mga PayPal service; mangangasiwa ng anumang virus, trojan horse, malware, worm, o iba pang routine sa computer programming na sumusubok o posibleng makapaminsala, makagambala, makasira, magamit sa mali, mapaminsalang panghimasukan, palihim na i-intercept o nakawin ang access, o makakuha ng hindi awtorisadong access sa anumang system, data, impormasyon, o mga PayPal service; gagamit ng nag-a-anonymize na proxy; gagamit ng anumang robot, spider, iba pang awtomatikong device, o manual na proseso para subaybayan o kopyahin ang aming mga website nang wala ang aming paunang nakasulat na pahintulot; gagamit ng anumang device, software, o routine para i-bypass ang aming mga robot exclusion header; o panghihimasukan o gagambalain o susubukang panghimasukan o gambalain ang aming mga website, software, system (kabilang ang anumang network at server na ginagamit para maibigay ang alinman sa mga PayPal service) na pinapatakbo namin o sa ngalan namin, ng alinman sa mga PayPal service o iba pang paggamit ng mga user ng alinman sa mga PayPal service.

- Magsasagawa ng anumang aksyong posibleng magdulot sa amin ng pagkawala ng alinman sa mga serbisyo mula sa aming mga service provider ng Internet, payment processor, o iba pang supplier o service provider.
- Gagamitin ang mga PayPal service para suriin ang mga gawi ng credit card.
- Liwasan ang anumang polisiya ng PayPal o mga desisyon tungkol sa PayPal account mo gaya ng mga pansamantala o hindi tiyak na tagal ng pagkakasuspende o iba pang hold, limitasyon, o paghihigpit sa account, kabilang ang, pero hindi limitado sa, pakikilahok sa mga sumusunod na aksyon: pagsubok na magbukas ng (mga) bago o karagdagang PayPal account kapag may negatibong balanse o pinaghigpitan, naspuspende, o kung hindi man ay nilimitahan ang isang PayPal account; pagbubukas ng mga bago o karagdagang PayPal account gamit ang impormasyong hindi sa iyo (hal. pangalan, address, email address, atbp.); o paggamit ng PayPal account ng ibang tao.
- Manliligalig ng at/o pagbabantaan ang aming mga empleyado, ahente, o ibang user.
- Pang-aabuso sa aming online na proseso ng pagresolba ng reklamo at/o PayPal's Buyer Protection at/o programang PayPal's Seller Protection.
- Magdudulot sa amin na makatanggap ng hindi makatuwirang dami ng mga claim na isinara nang pumapanig sa claimant kaugnay ng PayPal account o negosyo mo.
- Magkakaroon ng credit score mula sa isang ahensya para sa pag-uulat ng credit na nagsasaad ng mataas na antas ng pinsalang nauugnay sa paggamit mo ng mga PayPal service.
- Idi-disclose o ipamamahagi ang impormasyon ng ibang user sa isang third party, o gagamitin ang nasabing impormasyon para sa mga layunin sa marketing maliban kung natanggap mo ang hayagang pahintulot ng user na gawin ito.
- Magpapadala ng mga hindi hiniling na email sa mga user o gagamitin ang mga PayPal service para kolektahin ang mga bayad para sa pagpapadala, o pagtulong sa pagpapadala, ng mga hindi hiniling na email sa mga third party.
- Mangongopya, magre-reproduce, magbibigay sa anumang third party, magsasaayos, magbabago, gagawa ng mga may pinaggayahang gawa, magpapakita, o magfe-frame ng anumang content mula sa mga website ng PayPal nang wala ang nakasulat na pahintulot namin o ng anumang naaangkop na third party.
- Ipapakita ang (mga) password ng account mo sa iba, o gagamitin ang password ng iba. Hindi kami ang responsable para sa mga pagkawalang ikaw ang dahilan kabilang, nang walang limitasyon, ang paggamit ng account mo ng sinumang tao maliban sa iyo na magmumula sa maling paggamit ng mga password.

Mga Pagkilos na Pwede Naming Gawin Kung Gagawa Ka ng Anumang Hinihigpitang Activity

Kung naniniwala kaming nakilahok ka sa alinman sa mga activity na ito, posibleng magsagawa kami ng ilang aksyon para protektahan ang Paypal, mga customer nito, at ang iba anumang oras sa sarili naming pagpapasya. Kasama sa mga aksyong posibleng isagawa namin, pero hindi limitado sa, ang mga sumusunod:

- Agad na wakasan ang user agreement na ito, limitahan ang PayPal account mo, at/o isara o suspindihin ang PayPal account mo nang walang parusa sa amin;
- Tanggihang ibigay ang mga PayPal service sa iyo ngayon at sa hinaharap;
- Limitahan ang access mo sa aming mga website, software, system (kabilang ang anumang network at server na ginagamit para maibigay ang alinman sa mga PayPal service) na pinapatakbo namin o sa ngalan namin, ng PayPal account mo, o ng alinman sa mga PayPal service, kabilang ang paglimita sa kakayahang mong magbayad o magpadala ng mga bayad gamit ang alinman sa mga paraan ng pagbabayad na naka-link sa PayPal account mo, paghihigpit sa kakayahan mong magpadala ng mga bayad o mag-withdraw;
- I-hold ang balanse mo sa PayPal account kung makatuwiran ang pangangailangang protektahan ito laban sa panganib ng pananagutan sa PayPal o third party, o kung nilabag mo ang aming **Acceptable Use Policy**; Pwedeng panatilihin ang pag-hold nang mas matagal sa 180 araw alinsunod sa **Mga Utos ng Korte, Panregulatoryong Pangangailangan o Iba pang Legal na Proseso**;
- Suspindihin ang pagiging kwalipikado mo para sa programang Buyer Protection ng PayPal at/o programang Seller Protection ng PayPal;
- I-contact ang mga buyer na bumili ng mga produkto o serbisyo mula sa iyo gamit ang PayPal, bangko o credit card issuer mo, iba pang naapektuhang third party, o pagpapatupad ng batas tungkol sa mga aksyon mo;
- I-update ang hindi tumpak na impormasyong ibinigay mo sa amin;
- Magsagawa ng legal na aksyon laban sa iyo;
- I-hold, ilapat, o i-transfer ang pondo sa PayPal account mo gaya ng iniaatas ng mga pasya at utos na nakakaapekto sa iyo o sa PayPal account mo, kabilang ang mga pasya at utos na inisyu ng mga hukuman sa Singapore o saanman at idinirekta sa PayPal o mga affiliate nito;
- Kung nilabag mo ang aming **Acceptable Use Policy**, o kung isa kang seller at tumanggap ng pondo para sa mga transaksyong lumalabag sa **Acceptable Use Policy**, mananagot ka rin para sa mga pinsala sa PayPal dahil sa paglabag mo sa polisiyang ito; o kaya
- Kung isa kang seller at nakatanggap ka ng pondo para sa mga transaction na lumalabag sa Acceptable Use Policy at sinabing lumalabag sa fraud o sa pagbebenta ng mga pekeng produkto o kung hindi man ay lumalabag sa mga karapatan sa intelektwal na pag-aari, kung gayon bilang karagdagan sa pagiging napapailalim sa mga pagkilos sa itaas ikaw ay may pananagutan sa PayPal para sa halaga ng mga pinsala ng PayPal sanhi ng nasabing paglabag. Kinikilala at sinasang-ayunan mo na ang \$2,500 USD (o katumbas) kada paglabag ay isang makatuwirang minimum na estimate ng aktwal na pinsala ng PayPal – kabilang ang, ngunit hindi limitado sa mga internal na pang-administratibong gastos na natamo ng PayPal upang i-monitor at i-track ang mga paglabag, pinsala sa tatak at reputasyon ng PayPal, at mga parusa na ipinataw sa PayPal ng mga partner ng negosyo nito na nagreresulta mula sa nasabing paglabag na nauugnay sa fraud o sa pagbebenta ng mga pekeng produkto o kung hindi man ay lumalabag sa mga karapatan sa intelektwal na pag-aari – isinasalang-alang ang lahat ng kasalukuyang umiiral na sitwasyon, kabilang ang ugnayan ng kabuuan sa hanay ng pinsala sa PayPal na makatuwirang pwedeng asahan dahil, sa katangian ng paglabag, ang aktwal na pinsala ay magiging impraktikal o lubhang mahirap kalkulahan. Posibleng ibawas ng PayPal ang mga nasabing pinsala nang direkta sa anumang kasalukuyang balanse sa anumang PayPal account na ikaw ang kumokontrol.

- Pagsingil sa mga fee ng High Volume na Dispute para sa lahat ng dispute ng kasalukuyan at hinaharap anuman ang ratio ng dispute o dami ng sales mo dahil sa tumaas na paglahok ng PayPal bilang resulta ng nasabing Pinaghihigpitang Activity.

Kung isasara namin ang PayPal account mo o wawakasan namin ang paggamit mo ng mga PayPal service sa anumang dahilan, bibigyan ka namin ng abiso tungkol sa mga aksyon mo at iho–hold namin ang mga hindi pinaghihigpitang pondo sa PayPal account mo na pwedeng i–withdraw.

Ikaw ang responsable para sa lahat ng reversal, chargeback, claim, fee, multa, parusa, at iba pang pananagutan sa PayPal, sinumang customer ng PayPal, o isang third party na dulot ng at magmumumula sa paglabag mo sa user agreement na ito, at/o paggamit mo ng mga PayPal service.

Mga Hold, Limitasyon, at Reserba

Ano ang mga hold, limitasyon, at reserba

Sa ilalim ng ilang partikular na sitwasyon, para maprotektahan ang Paypal at ang security at integridad ng network ng mga buyer at seller na gumagamit ng mga PayPal service, posibleng magsagawa ang PayPal ng mga aksyong pang–account o pantransaksyon. Maliban na lang kung nabanggit, kung isasagawa namin ang alinman sa mga aksyong inilalarawan dito, bibigyan ka namin ng abiso tungkol sa aming mga aksyon, pero papanatilihin namin ang sariling pagpapasyang isagawa ang mga aksyong ito. Para mag–request ng impormasyong kaugnay ng limitasyon ng account, hold, o reserba, dapat mong bisitahin ang Resolution Center o sundin ang mga instruction sa aming abiso sa email kaugnay ng limitasyon, hold, o reserba.

Ang aming desisyon tungkol sa mga hold, limitasyon, at reserba ay posibleng ibatay sa kumpidensyal na pamantayang mahalaga sa pamamahala namin ng panganib at proteksyon ng PayPal, aming mga customer, at/o service provider. Posibleng gumamit kami ng proprietary fraud at risk modeling kapag sinusuri ang panganib na nauugnay sa PayPal account mo. Dagdag pa, posible kaming paghigpitan ng regulasyon o awtoridad ng pamahalaan mula sa pag–disclose ng ilang partikular na impormasyon sa iyo tungkol sa mga nasabing desisyon. Wala kaming obligasyong i–disclose sa iyo ang mga detalye ng pamamahala namin ng panganib o mga pang–security na proseso.

Para mapangasiwaan ang mga aksyon ng PayPal na inilalarawan sa itaas at mabigyang–daan kaming suriin ang antas ng panganib na nauugnay sa PayPal account mo, sumasang–ayon kang makipagtulungan sa mga makatuwirang request ng PayPal para sa mga financial statement at iba pang dokumentasyon o impormasyon sa tamang oras.

Mga hold

Ang hold ay isang aksyong pwedeng isagawa ng PayPal sa ilalim ng ilang partikular na sitwasyon para sa transaction o para sa account. Kapag may bayad na pansamantalang na–hold ang PayPal, hindi maa–access ng sender o recipient ang pondo. Maraming nire–review na salik ang PayPal bago mag–hold ng bayad kabilang ang: tagal ng account, activity sa transaction, uri ng negosyo, mga dating dispute ng customer, at pangkalahatang kasiyahan ng customer. Kasama sa ilang karaniwang sitwasyon kung saan magho–hold ng mga bayad ang PayPal ang:

- Mga bagong seller o seller na may limitadong activity sa pagbebenta.
- Mga bayad para sa mga mas mapanganib na kategorya gaya ng mga electronic o ticket.
- Mga seller na may mga isyu sa performance, o mataas na rate ng kawalang kasiyahan o mga dispute ng buyer.

Mga hold batay sa mga desisyon ng PayPal ukol sa panganib

Pwede naming i–hold ang mga bayad na ipinadala sa PayPal account mo kung, sa sarili naming pagpapasya, naniniwala kaming may mataas na antas ng panganib na nauugnay sa iyo, PayPal account mo, o mga transaction mo o kung kinakailangan ang nasabing pag–hold para masunod ang mga panregulatoryong kinakailangan. Kami ang magpapasya tungkol sa kung maglalagay ng payment hold batay sa dami ng mga salik, kabilang ang impormasyong mayroon kami mula sa mga internal na source at third party. Kapag nag–hold kami ng bayad, lalabas ang pondo sa PayPal account mo nang may pagtukoy na hindi available o pending ang mga ito. Aabisuhan ka namin, sa pamamagitan ng PayPal account mo o nang direkta sa pamamagitan ng telepono o email, kapag may iho–hold kami.

Karaniwang mananatili ang mga hold na nakabatay sa panganib sa loob ng hanggang 30 araw mula sa petsa kung kailan natanggap ang bayad sa PayPal account mo maliban kung may dahilan ang PayPal na ipagpatuloy ang pag–hold sa bayad. Pwede naming i–release ang hold nang mas maaga sa ilalim ng ilang partikular na sitwasyon (halimbawa, kung nag–upload ka ng impormasyon sa tracking ng shipment kaugnay ng transaction), pero nasa sarili naming pagpapasya ang anumang mas maagang pag–release. Posibleng mas tumagal ang hold sa 30 araw kung ike–claim ang bayad bilang pagbabayad na dapat na alisin ang pagiging valid at i–reverse batay sa isang transaction na dini–dispute gaya ng tinatalakay sa sumusunod na talata sa ibaba. Kung ganoon, iho–hold namin ang bayad sa PayPal account mo hanggang sa malutas ang problema.

Mga hold kaugnay ng mga transaction sa Marketplace

Kung isa kang seller sa isang marketplace o sa isang third–party na application kung saan iniaalok ang PayPal, posibleng may i–hold na bayad na ipinadala sa iyo sa utos ng naaangkop na marketplace o third–party. Mangyayari ito kapag binigyan mo kami ng pahintulot na i–hold ang pondo mo at gagawin ito alinsunod sa kasunduan ninyo ng third–party. Lalabas ang mga hold na ito sa PayPal account mo. Kung may mga tanong ka tungkol sa kung bakit nag–utos ang naaangkop na marketplace o third party sa PayPal na gawin ang mga pag–hold na ito, kakailanganin mong direktang i–contact ang marketplace o third–party.

Mga hold batay sa mga dini-dispute na transaction

Kung kine-claim na dapat alisin ang pagiging valid ng at i-reverse ang isang bayad na ipinadala mo sa isang seller, posibleng pansamantala naming i-hold ang pondo sa PayPal account mo para sagutin ang halagang posibleng i-reverse. Ang alinman sa mga sitwasyong inilalarawan sa ilalim ng Mga Refund, Reversal, at Chargeback ay mga sitwasyong posibleng magresulta sa pag-hold namin ng bayad. Kung matutukoy naming hindi dapat i-reverse ang transaction, babawiin namin ang pansamantalang hold. Kung matutukoy naming dapat i-reverse ang transaction, aalisin namin ang pondo sa PayPal account mo.

Mga Limitasyon ng Account

Pinipigilan ka ng mga limitasyon na kumpletuhin ang ilang partikular na pagkilos gamit ang PayPal account mo, gaya ng pag-withdraw, pagpapadala, o pagtanggap ng mga bayad. Ipinapatupad ang mga limitasyong ito para makatulong na protektahan ang PayPal, mga mamimili, at mga seller kapag may napansin kaming **mga hinihigpitang activity**, lumaking pinansyal na panganib, activity na sa palagay namin ay hindi pangkaraniwan o kahina-hinala. Nakakatulong din sa amin ang mga limitasyon na kolektahin ang impormasyong kinakailangan para panatilihin bukas ang PayPal account mo.

May ilang dahilan kung bakit posible naming limitahan ang access mo sa PayPal account mo o mga PayPal service, at/o limitahan ang access sa pondo mo, kabilang ang:

- Kung may pinaghihinalaan kaming posibleng gumagamit ng PayPal account mo nang hindi mo alam, lilimitahan namin ito para sa proteksyon mo at susuriin namin ang mapanlokong activity na ito.
- Kung aalertuhin kami ng debit o credit card issuer mo na may gumagamit ng card mo nang walang pahintulot mo. Katulad nito, kung ipapaalam sa amin ng bangko mo na may mga hindi awtorisadong pag-transfer sa pagitan ng PayPal account mo at bank account mo.
- Para masunod ang naaangkop na batas.
- Kung makatuwiran ang paniniwala naming nilabag mo ang kasunduang ito o nilabag mo ang Acceptable Use Policy.
- Performance ng seller na tumutukoy sa PayPal account mo bilang mataas na panganib. Kasama sa mga halimbawa ang: mga senyales ng hindi magandang performance sa pagbebenta dahil nakatanggap ka ng hindi pangkaraniwang mataas na bilang ng mga claim at chargeback sa pagbebenta ng bagong bago o mahal na produkto, o kung mabilis na tataas ang karaniwang bilang ng sales mo.

Kung lilimitahin namin ang access sa PayPal account mo, bibigyan ka namin ng abiso tungkol sa mga aksyon mo at pagkakataong mag-request ng pagbabalik ng access kung, sa sarili naming pagpapasya, matutukoy naming naaangkop ito.

Kakailanganin mong lutasin ang anumang isyu sa account mo bago makapag-alis ng limitasyon. Karaniwan itong ginagawa pagkatapos mong maibigay sa amin ang impormasyong na-request namin. Gayunpaman, kung makatuwiran ang paniniwala naming mayroon pa ring panganib pagkatapos mong ibigay ang impormasyong iyon, posibleng magsagawa kami ng aksyon para protektahan ang PayPal, ang aming mga user, ang isang third party, o ikaw mula sa mga reversal, fee, multa, parusa, legal at/o panregulatoryong panganib, at anupamang pananagutan.

Mga Reserba

Posibleng maglagay kami ng reserba sa PayPal account mo kung naniniwala kaming posibleng may mataas na antas ng panganib na nauugnay sa iyo, sa PayPal account mo, sa modelo ng negosyo mo, o sa mga transaction mo. Kapag naglagay kami ng reserba sa PayPal account mo, ibig sabihin, ipapakita ang lahat o ilan sa mga transaction bilang "pending" sa balanse ng iyong PayPal account, at hindi ka makakapag-withdraw ng pondong nasa "pending" na status para sa proteksyon mula sa posibilidad na ma-reverse o maging invalid ang mga transaction na ginawa mo o sa anupamang panganib na nauugnay sa iyong PayPal account o paggamit ng mga PayPal service. Nagdedesisyon kami tungkol sa kung maglalagay ng reserba batay sa ilang salik, kabilang ang impormasyong mayroon kami mula sa mga internal na source at third party.

May isinasalang-alang ang PayPal na listahan ng mga hindi eksklusibong salik, at kung nagawang magbago at kung paano nagbago ang mga salik na ito sa paglipas ng panahon, kabilang ang:

- Gaano ka na katagal na nagnenegosyo.
- Kung may mas mataas na posibilidad na magkaroon ng mga chargeback ang industriya mo.
- Ang history ng pagpoproseso ng pagbabayad mo sa PayPal at iba pang provider.
- Ang history ng credit sa negosyo at/o personal na credit mo.
- Ang mga tagal ng delivery mo.
- Kung mayroon kang mas mataas na bilang ng mga pagsasauli, chargeback, claim, o dispute kaysa sa karaniwan.

Kung maglalagay kami ng reserba sa pondo mo sa account mo, aabisuhan ka namin tungkol sa aming mga aksyon at sa mga tuntunin ng reserba.

May dalawang uri ng mga reserbang pwede naming ilagay sa PayPal account mo, at isa o pareho ay pwede naming ilapat nang magkasabay:

- **Ang Rolling reserve** ay isang reserba kung saan porsyento ng bawat transaction na natatanggap mo kada araw ang hino-hold at pagkatapos ay ire-release sa ibang pagkakataon batay sa iskedyul. Halimbawa, posibleng 10% ang itakda para sa reserba mo at i-hold ito sa loob ng tuloy-tuloy na yugtong 90 araw – ibig sabihin, 10% ng pondong matatanggap mo sa araw 1 ay iho-hold at pagkatapos ay ire-release sa araw 91, 10% ng pondong matatanggapo mo sa araw 2 ay iho-hold hanggang sa araw 92, atb. Ang Mga rolling reseve ang pinakakaraniwang uri ng reserba.
- **Ang Minimum na reserba** ay isang partikular na minimum na halagang kinakailangan mong panatilihin available sa balanse ng iyong PayPal account sa lahat ng pagkakataon. Ang minimum na reserba ay kinukuha nang minsanan bilang paunang halagang idineposito (na tinatawag ding Upfront reserve) o kaya ay iniipon nang paunti-unti mula sa mga porsyento ng benta hanggang sa maipon ang minimum na reserba, gaya ng rolling reserve.

Kung babaguhin namin ang mga tuntunin ng reserba dahil sa isang pagbabago sa aming pagsusuri ng panganib, aabisuhan ka namin tungkol sa mga bagong tuntunin.

Mga Utos ng Korte, Panregulatoryong Pangangailangan, o Iba pang Legal na Proseso

Kung inabisuhan kami tungkol sa isang utos ng hukuman o iba pang legal na proseso (kabilang ang garnishment o anumang katumbas na proseso nito) na nakakaapekto sa iyo, o kung naniniwala kaming kailangan naming gawin ito para makasunod sa naaangkop na batas o mga panregulatoryong pangangailangan, posibleng kailanganin naming magsagawa ng ilang partikular na aksyon, kabilang ang pag-hold ng mga bayad sa/mula sa PayPal account mo, paglalagay ng reserba o limitasyon sa PayPal account mo, o pag-release ng pondo mo. Pagdedesisyunan namin, sa sarili naming pagpapasya, kung aling pagkilos ang kailangan naming gawin. Maliban kung iniaatas ng utos ng hukuman, naaangkop na batas, panregulatoryong pangangailangan, o iba pang legal na proseso, aabisuhan ka namin tungkol sa mga aksyong ito. Wala kaming obligasyong tanggihan o iapela ang anumang utos ng hukuman o legal na prosesong kinakasangkutan mo o ng PayPal account mo. Kapag nagpataw kami ng hold, reserba, o limitasyon bilang resulta ng utos ng hukuman, naaangkop na batas, panregulatoryong pangangailangan, o iba pang legal na proseso, posibleng magpatuloy ang hold, reserba, o limitasyon hangga't makatuwiran itong tinutukoy ng PayPal na kinakailangan.

Pananagutan para sa Mga Hindi Awtorisadong Transaction

Proteksyon Laban sa Hindi Awtorisadong Transaction

Para maprotektahan ang sarili mo mula sa hindi awtorisadong activity sa PayPal account mo, regular ka dapat na mag-log in sa PayPal account mo at suriin mo ang PayPal account statement mo. Aabisuhan ka ng PayPal tungkol sa bawat transaction sa pamamagitan ng pagpapadala ng email sa nakatalang pangunahing email address mo. Dapat mong i-review ang mga notification ng transaction para matiyak na awtorisado at tumpak na nakumpleto ang bawat transaction.

Poprotektahan ka ng PayPal mula sa hindi awtorisadong activity sa PayPal account mo. Kapag inilapat ang proteksyong ito, sasagutin ka ng PayPal para sa buong halaga ng hindi awtorisadong activity hangga't nakikipagtulungan ka sa amin at sinusunod mo ang mga hakbang na inilalarawan sa ibaba.

Ano ang Hindi Awtorisadong Transaction

Nangyayari ang "Hindi Awtorisadong Transaction" kapag may nagpadala ng bayad mula sa PayPal account mo na hindi mo awtorisado at napapakinabangan. Halimbawa, kung may magnanakaw ng password mo, gagamitin ang password para i-access ang PayPal account mo, at magpapadala ng bayad mula sa PayPal account mo, may nangyaring Hindi Awtorisadong Transaction.

Ano ang hindi itinuturing na Hindi Awtorisadong Transaction

Ang mga sumusunod ay HINDI itinuturing na Mga Hindi Awtorisadong Transaction:

- Kung bibigyan mo ng access sa PayPal account mo ang isang tao (sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanya ng impormasyon mo sa pag-log in) at gagamitin niya ang PayPal account mo nang hindi mo alam o walang pahintulot mo. Ikaw ang responsable para sa mga transaction na ginawa sa sitwasyong ito.
- Invalidation at reversal ng pagbabayad bilang resulta ng mga pagkilos na inilalarawan sa ilalim ng **Mga Refund, Reversal, at Chargeback**.

Pag-uulat ng Hindi Awtorisadong Transaction

Dapat mong i-contact kaagad ang **PayPal customer service** kung naniniwala kang:

- may Hindi Awtorisadong Transaction na ipinadala mula sa account mo;
- may hindi awtorisadong access sa account mo;
- nawawala o nanakaw ang impormasyon mo sa pag-log in sa PayPal; o
- nawawala, nanakaw, o na-deactivate ang anumang device na ginamit mo para i-access ang PayPal account mo.

Dapat mong ibigay sa amin ang lahat ng available na impormasyong nauugnay sa anumang sitwasyong Hindi Awtorisadong Transaction, at/o mali o hindi awtorisadong paggamit ng account mo, at isagawa ang lahat ng nire-request na makatuwirang hakbang para matulungan ang PayPal sa pag-iimbestiga nito.

Pagresolba ng Error

Ano ang Error

Ang ibig sabihin ng "Error" ay ang mga sumusunod:

- error sa pagpoprosesong nagawa ng PayPal o ng mga supplier nito kung saan nagkamaling na-debit o na-credit ang PayPal account mo, o kapag may maling naitalang transaction sa PayPal account mo.
- Nagpadala ka ng bayad at maling halaga ang na-debit mula sa PayPal account mo.
- May nawawala o maling natukoy na transaction sa PayPal account statement mo.
- Nakagawa kami ng error sa pag-compute o mathematical error na nauugnay sa PayPal account mo.

Ano ang hindi itinuturing na Error

Ang mga sumusunod ay HINDI itinuturing na mga error:

- Kung bibigyan mo ng access sa PayPal account mo ang isang tao (sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanya ng impormasyon mo sa pag-log in) at gagamitin niya ang PayPal account mo nang hindi mo alam o walang pahintulot mo. Ikaw ang responsable para sa mga transaction na ginawa sa sitwasyong ito.
- Invalidation at reversal ng pagbabayad bilang resulta ng mga pagkilos na inilalarawan sa ilalim ng **Mga Refund, Reversal, at Chargeback**.
- Kung magkakamali ka sa pagpapadala ng bayad sa maling partido, o maling halaga ang maipapadala mong bayad (batay sa typographical error, halimbawa). (Ang rekurso mo lang sa ganitong sitwasyon ay ang i-contact ang partido kung kanino mo ipinadala ang bayad at hilingin sa kanila na i-refund ang bayad. Hindi magre-reimburse sa iyo ang PayPal o hindi nito ire-reverse ang pagbabayad na nagawa mo nang mali.)

Kung sakaling magkaroon ng mga error o tanong tungkol sa mga electronic na pag-transfer mo

I-contact kami sa aming **Resolution Center**.

Abisuhan kami sa lalong madaling panahon, kung sa tingin mo ay mali ang statement o resibo mo o kung kailangan mo pa ng impormasyon tungkol sa isang pag-transfer na nakalista sa statement o resibo. Dapat makatanggap kami ng tugon mula sa iyo nang hindi lalampas sa animnapung (60) araw pagkatapos naming ipadala ang UNANG statement kung saan nakita ang problema o error. Sabihin sa amin ang pangalan, email address, at numero ng account mo (kung mayroon).

- Isalarawan ang error o pag-transfer kung saan hindi ka sigurado, at ipaliwanag nang maayos sa abot ng makakayanan mo kung bakit ka naniniwalang isa itong error kung bakit kailangan mo pa ng impormasyon.
- Sabihin sa amin ang halaga sa dolyar ng pinaghihinalang error.

Kung personal mo ito sasabihin sa amin, posibleng hilingin namin na magpadala ka sa amin ng iyong nakasulat na reklamo o tanong sa loob ng **10 Araw ng Negosyo**. Kukupatuhin namin ang imbestigasyon sa loob ng **10 Araw ng Negosyo** pagkatapos naming matanggap ang notification mo ng pinaghihinalang error. Gayunpaman, kung kailangan mo pa ng oras, posible kaming abutin ng hanggang 45 araw para imbestigahan ang reklamo o tanong mo. Kung mapagdedesisyunan naming gawin ito, ike-credit namin ang PayPal account mo sa loob ng **10 Araw ng Negosyo** para sa halagang sa tingin mo ay mali, para magkaroon ka ng provisional credit sa panahong ginugugol namin para kumpletuhin ang imbestigasyon. Aabisuhan ka namin tungkol sa provisional credit sa loob ng **2 Araw ng Negosyo** pagkalipas ng pag-credit. Kung hihilingin namin sa iyo na isulat mo ang iyong reklamo o tanong at hindi namin ito matatanggap sa loob ng **10 Araw ng Negosyo**, posibleng hindi kami maglagay ng provisional credit sa PayPal account mo.

Para sa mga error na nauugnay sa mga bagong PayPal account, transaksyon sa point-of-sale, o transaksyong sinimulan sa ibang bansa, posibleng abutin kami nang hanggang 90 araw para imbestigahan ang reklamo o tanong mo. Para sa mga bagong PayPal account (ang unang transaction mula sa account mo ay hindi bababa sa **30 Araw ng Negosyo** mula sa petsa kung kailan mo kami inabisuhan), posibleng abutin kami ng hanggang **20 Araw ng Negosyo** para kumpletuhin ang imbestigasyon.

Sasabihin namin sa iyo ang mga resulta sa loob ng **3 Araw ng Negosyo** pagkatapos makumpleto ang aming imbestigasyon. Kung mapagdedesisyunan naming walang pagkakamali, magpapadala kami sa iyo ng nakasulat na paliwanag ng aming desisyon. Kung nakatanggap ka ng provisional credit, aalisin namin ito sa account mo at aabisuhan ka namin tungkol sa petsa at halaga ng debit. Pwede kang humiling ng mga kopya ng mga dokumentong ginamit namin sa aming imbestigasyon.

Kung matutukoy naming mayroong error, agad naming ike-credit ang buong halaga sa account mo sa loob ng **1 Araw ng Negosyo** pagkalipas ng aming pagtukoy. O, kung nakatanggap ka na ng provisional credit, papayagan kang panatilihin ang mga halagang iyon.

Mga Error sa Pagpoproseso

Itatama namin ang anumang error sa pagpoproseso na matutuklasan namin. Kung magresulta ang error sa:

- Pagtanggap mo ng mas mababa sa tamang halaga kung saan mayroon kang karapatan, ike-credit namin sa PayPal account mo ang difference sa pagitan ng kung ano ang dapat na natanggap mo at kung ano talaga ang natanggap mo.
- Pagtanggap mo ng mas malaki kaysa sa tamang halaga kung saan mayroon kang karapatan, ide-debit namin sa PayPal account mo ang difference sa pagitan ng kung ano ang dapat na natanggap mo at kung ano talaga ang natanggap mo.
- Hindi namin pagkumpleto ng transaction nang nasa oras o tama ang halaga, magkakaroon kami ng responsibilidad sa iyo para sa mga pagkawala o pinsala mo na direktang idinulot ng pagkabigong ito, maliban kung:
 - hindi namin kasalanang wala kang sapat na available na pondo para makumpleto ang transaction;
 - hindi maayos na gumagana ang system namin at nalaman mo ang tungkol sa breakdown noong sinimulan mo ang transaction; o
 - ang error ay dahil sa mga kakaibang sitwasyong wala sa aming kontrol (gaya ng sunog, pagbaha, o kawalan ng koneksyon sa Internet), sa kabila ng aming mga makatuwirang pag-iingat.

Ang mga error sa pagpoproseso ay hindi:

- Mga pagkaantalang nagmumula sa paglalapat ng PayPal ng **mga hold, limitasyon, o reserba**.
- Mga pagkaantalang batay sa **review ng pagbabayad**.
- Mga pagkaantalang inilalarawan sa ilalim ng **Paano bumili ng isang bagay** na nauugnay sa oras na posibleng abutin para makakumpleto ng transaction sa pagbili sa ilang sitwasyon.
- Mga error mo sa paggawa ng transaction (halimbawa, maling pag-type ng halagang ipapadala mo).

Iba pang Legal na Tuntunin

Pakikipag-ugnayan sa Pagitan Nating Dalawa

Sumasang-ayon kang pwede kang i-contact ng PayPal at ng mga affiliate nito sa pamamagitan ng email para sa mga layunin sa marketing. Pwede kang mag-opt out sa pagtanggap ng mga komunikasyon sa marketing kapag nagbukas ka ng PayPal account, sa pamamagitan ng pagbabago ng mga preference mo sa account o sa pamamagitan ng pag-click sa link sa pag-unsubscribe sa anumang email ng PayPal o resibong natanggap mo mula sa amin. Magbigay ng 10 Araw ng Negosyo para magkabisang pag-opt out. Magbibigay kami ng makatotohanang impormasyon tungkol sa account mo o mga PayPal service, kahit na nag-opt out ka pagkatapos makatanggap ng mga komunikasyon sa marketing.

Kung ibibigay mo sa amin ang numero ng mobile phone mo, sumasang-ayon kang pwede kang i-contact ng PayPal at ng mga affiliate nito sa numerong iyon gamit ang mga tawag o text message na naka-autodial o may dati nang na-record na mensahe para: (i) ipaalang sa iyo ang tungkol sa paggamit mo ng mga PayPal service at/o bigyan ng serbisyo ang mga PayPal account mo, (ii) mag-imbetiga ng o makaiwas sa fraud, o (iii) mangolekta ng utang. Hindi kami gagamit ng mga naka-autodial o dati nang na-record na mensahe sa tawag o text para i-contact ka para sa mga layunin sa marketing maliban na lang kung matatanggap muna namin ang pahintulot mo. Posibleng ibahagi namin ang numero ng mobile phone mo sa mga service provider na kinontrata namin para tulungan kami sa mga activity na nakalista sa ibaba, pero hindi namin ibabahagi ang numero ng mobile phone mo sa mga third party para sa kanilang mga pansariling layunin nang walang pahintulot mo. Hindi mo kailangang sumang-ayong makatanggap ng mga naka-autodial o dati nang na-record na mensahe sa tawag o text sa numero ng mobile phone mo para magamit at ma-enjoy ang mga produkto at serbisyong iniaalok ng PayPal. Pwede kang tumanggap ng mga naka-autodial o prerecorded na mensahe sa tawag o text sa numero ng mobile phone mo sa maraming paraan, kabilang ang, sa pamamagitan ng resibo ng transaction sa email, sa settings ng account mo, o sa pamamagitan ng pag-contact sa **PayPal Customer Service**. Posibleng iba-iba ang dalas ng mga mensahe, at posibleng may mga standard na singil sa minuto ng telepono at text. Kami at ang mga carrier ng telepono mo ay walang pananagutan para sa mga naantala o hindi naihatid na mensahe. Gayunpaman, posible ka pa rin naming tawagan nang direkta gamit ang ibang paraan kung kailangan naming makipag-usap sa iyo.

Posibleng electronic na makipag-ugnayan sa iyo ang PayPal tungkol sa anumang impormasyon ng PayPal account o transaction sa PayPal at mga PayPal service. Responsibilidad mong panatilihin up to date ang pangunahing email address mo para magawa ng PayPal na electronic na makipag-ugnayan sa iyo. Nauunawaan at sinasang-ayunan mo na kung magpapadala ang PayPal sa iyo ng electronic na komunikasyon pero hindi mo ito matatanggap dahil mali, out of date, na-block ng service provider mo, o kung hindi man ay hindi makatanggap ng electronic na komunikasyon ang nakatalang pangunahing email address mo, ituturing ng PayPal na maayos nitong naibigay ang komunikasyon.

Tandaang kung gagamit ka ng filter ng spam na nagba-block o nagre-route ng mga email na mula sa mga sender na hindi nakalista sa book ng mga email address mo, dapat mong idagdag ang PayPal sa book ng mga email address mo para magawa mong tingnan ang mga komunikasyong ipinadala namin sa iyo.

Pwede mong i-update ang pangunahing email address o street address mo anumang oras sa pamamagitan ng pag-log in sa website ng PayPal. Kung naalis ang pagiging valid ng email address mo dahil bumalik ang mga electronic na komunikasyong ipinadala sa iyo ng PayPal, pwedeng ituring ng PayPal na hindi aktibo ang account mo, at hindi ka makakagawa ng anumang activity sa pakikipagtransaksyon gamit ang PayPal account mo hanggang sa makatanggap kami ng valid at gumaganang pangunahing email address mula sa iyo.

Nakareserba sa PayPal ang karapatang isara ang account mo kung babawiin mo ang pahintulot mo na makatanggap ng mga electronic na komunikasyon.

Ituturing na nakatanggap ka ng komunikasyon mula sa amin, kung electronic itong inihatid, 24 na oras pagkatapos ng oras kung kailan namin ito na-post sa aming website o na-email sa iyo. Ituturing na nakatanggap ka ng komunikasyon mula sa amin, kung inihatid ito sa pamamagitan ng mail, **3 Araw ng Negosyo** pagkatapos namin itong ipadala.

Maliban kung makikipag-ugnayan ka sa amin tungkol sa isang bagay kung saan may tinukoy kaming isa pang notice address (halimbawa, ang aming proseso ng **Pananagutan para sa Mga Hindi Awtorisadong Transaction at Iba pang Pagkakamali**), dapat magpadala sa PayPal ng mga nakasulat na abiso sa pamamagitan ng postal mail sa: PayPal Pte. Ltd., Atensyon: Legal Department, 5 Temasek Boulevard #09-01, Suntec Tower Five, Singapore 038985.

Nauunawaan at sinasang-ayunan mong, hanggang sa lawak na pinapahintuluan ng batas, pwedeng sumubaybay o mag-record, nang walang karagdang abiso o babala, ng mga pag-uusap mo o ng taong kumikilos sa ngalan mo sa telepono at ng PayPal o ng mga ahente nito para sa quality control at mga layunin sa pagsasanay o para sa sarili naming proteksyon. Kinikilala at nauunawaan mong bagama't pwedeng ibahagi nang walang pahintulot, subaybayan, o i-record ang mga pakikipag-ugnayan mo sa PayPal, hindi lahat ng linya ng o tawag sa telepono ay pwedeng i-record ng PayPal, at hindi iginagarantiya ng PayPal na papanatilihin o mababawi ang mga recording ng anumang partikular na tawag sa telepono.

Mga Karapatan ng PayPal

Mga karapatan ng PayPal sa pagsususpende at pagwawakas

Nakareserba sa PayPal, sa sarili nitong pagpapasya, ang karapatang suspindihin o wakasan ang user agreement na ito, access o paggamit sa mga website, software, mga system nito (kabilang ang anumang network at server na ginagamit para maibigay ang alinman sa mga PayPal service) na pinapatakbo namin o sa ngalan namin, o ang ilan sa o lahat ng PayPal service sa anumang dahilan at anumang oras pagkatapos kang maabisuhan at, kapag winakasan ang user agreement na ito, ang pagbabayad sa iyo ng anumang hindi pinaghihigpitang pondong naka-hold sa balanse ng PayPal account mo.

Panseguridad na interes

Bilang security para sa pagsasagawa ng mga obligasyon mo sa ilalim ng user agreement na ito, binibigyan mo ang PayPal ng lien at pang-security na interes sa balanse sa PayPal account mo na hawak ng PayPal.

Mga halagang hindi pa naibabayad sa PayPal

Kung magnenegatibo ang balanse sa PayPal account mo sa anumang dahilan, kumakatawan ang negatibong balanseng iyon sa halagang kailangan mong bayaran sa PayPal. Pwedeng ibawas ng PayPal ang mga halagang ito sa pondong mailalagay sa PayPal account mo na ikaw ang gumawa o mula sa mga bayad na matatanggap mo. Kung mayroon kang mahigit sa isang PayPal account, pwede naming ibawas ang negatibong balanse sa isang PayPal account mula sa balanse sa iba mo pang PayPal account. Kung patuloy mong gagamitin ang iyong PayPal account kapag may negatibong balanse ito, pinapahintulutan mo ang PayPal na pagsamahin ang negatibong balanse at ang anumang debit o transaction na ipinadala mula sa account mo kapag na-disclose sa iyo ang pagsasamang iyon bago simulan ang debit o transaction.

Kung may mga hino-hold kang pondo sa isang PayPal account sa maraming currency, at kung magnenegatibo ang balanse para sa isa sa mga currency sa anumang dahilan, pwedeng i-set off ng PayPal ang negatibong balanse sa pamamagitan ng paggamit ng pondong pinapanatili mo sa ibang currency. Kung may negatibong balanse ka sa hindi nauugnay na currency sa loob ng 21 araw o mas matagal pa, iko-convert ng PayPal ang negatibong balanseng ito sa nauugnay na currency. Sa alinmang sitwasyon, kakailanganin ng **currency conversion**, at gagamitin ang exchange rate para sa transaction ng PayPal (kabilang ang aming **currency conversion fee**).

Dagdag pa sa nabanggit sa itaas, kung mayroon kang hindi pa nababayaran halaga sa PayPal o sa isa sa aming mga affiliate, pwedeng i-debit ng PayPal ang PayPal account mo para mabayaran ang anumang halagang lampas na sa due. Kasama rito ang mga halagang kailangang bayaran para sa paggamit ng iba't ibang produkto namin gaya ng Xoom o Braintree.

Mga pang-insolvency na hakbang

Kung isinagawa ang anumang hakbang na ikaw ang gumawa o laban sa iyo sa ilalim ng anumang probisyon ng anumang batas sa bankruptcy o insolvency, magkakaroon kami ng karapatang ibalik ang lahat ng makatuwirang halaga o gastusin (kabilang ang mga makaturiwang legal na fee at gastusin) na dulot ng pagpapatupad ng user agreement na ito.

Pagtanggap sa mga karapatan

Kung may pagbabayad kang ginawa sa isang recipient na aalisin ang pagiging valid at ire-reverse ng PayPal (sa inisyatibo mo o hindi), sumasang-ayon kang kukunin ng PayPal ang mga karapatan mo laban sa recipient at mga third party na nauugnay sa pagbabayad, at pwede nitong gamitin ang mga karapatang iyon nang direkta o sa ngalan mo, sa pagpapasya ng PayPal.

Walang waiver

Hindi pagsuko sa aming karapatang kumilos kaugnay ng magkakasunod o magkakaparehong paglabag ang pagkabigo namin na kumilos kaugnay ng paglabag mo sa alinman sa mga obligasyon mo sa ilalim ng user agreement nito.

Indemnification at Mga Limitasyon sa Pananagutan

Sa seksyong ito, gagamitin namin ang terminong "PayPal" para tumukoy sa PayPal Pte. Ltd. at aming mga affiliate, at bawat isa sa aming kaukulang direktor, opisyal, empleyado, ahente, joint venture, service provider, at supplier. Kasama sa aming mga affiliate ang bawat entity na kinokontrol namin, kumontrol sa amin, o kapareho ng sa amin ang kumokontrol.

Indemnification

Dapat mong i-indemnify ang PayPal para sa mga aksyong nauugnay sa PayPal account mo at paggamit mo ng mga PayPal service. Sumasang-ayon kang dedepensahan, ii-indemnify, at papanatilihin mong ligtas ang PayPal mula sa anumang claim o demanda (kabilang ang mga makatuwirang legal na fee) na ginawa o dulot ng anumang third party dahil o na magmumula sa paglabag mo sa user agreement na ito, maling paggamit mo ng mga PayPal service, paglabag mo sa anumang batas o mga karapatan ng isang third party at/o, mga aksyon o hindi pagkilos ng anumang third party na binigyan mo ng mga pahintulot na gamitin ang PayPal account mo o i-access ang aming mga website, software, system (kabilang ang anumang network at server na ginagamit para maibigay ang alinman sa mga PayPal service) na pinapatakbo namin o sa ngalan namin, o ang alinman sa mga PayPal service sa ngalan mo.

Limitasyon ng pananagutan

Ang pananagutan ng PayPal ay limitado sa PayPal account mo at paggamit mo ng mga PayPal service. Hindi kailanman dapat managot ang PayPal para sa mga nawalang tubo o anumang espesyal, nagkataon, o kinahinatnang pinsalang (kabilang ang, nang walang limitasyon, mga pinsala para sa pagkawala ng data o pagkawala ng negosyo) magmumula sa o kaugnay ng aming mga website, software, system (kabilang ang anumang network at server na ginagamit para maibigay ang alinman sa mga PayPal service) na pinapatakbo namin o sa ngalan namin, ng alinman sa mga PayPal service, o ng user agreement na ito (sa anumang paraan ito mangyayari, kabilang ang kapabayaang), maliban at hanggang sa saklaw na ipinaghihigpit ng batas.

Ang aming pananagutan sa iyo o sa anumang third party sa anumang sitwasyon ay limitado sa aktwal na halaga ng mga direktang pinsala. Dagdag pa, hanggang sa saklaw na ipinapahintulot ng naaangkop na batas, hindi mananagot ang PayPal, at sumasang-ayon kang hindi mo gagawing responsable ang PayPal, para sa anumang pinsala o pagkawala (kabilang ang, pero hindi limitado sa, pagkawala ng pera, goodwill, o reputasyon, tubo, o iba pang intangible na pagkawala o anumang espesyal, hindi direkta, o kinahinatnang pinsala) na magmumula nang direkta o hindi direkta sa: (1) paggamit mo, o kawalan mo ng kakayahang gumamit, ng aming mga website, software, system na pinapatakbo namin o sa ngalan namin (kabilang ang anumang network at server na ginagamit para maibigay ang alinman sa mga PayPal service) o alinman sa mga PayPal service; (2) mga pagkaantala o pagkagambala sa aming mga website, software, system na pinapatakbo namin o sa ngalan namin (kabilang ang anumang network at server ginagamit para maibigay ang alinman sa mga PayPal service), at alinman sa mga PayPal service; (3) mga virus o iba pang kahina-hinalang software na nakuha sa pamamagitan ng pag-access sa aming mga website, network, system na pinapatakbo namin o sa ngalan namin (kabilang ang anumang network at server na ginagamit para maibigay ang alinman sa mga PayPal service), alinman sa mga PayPal service, o anumang website o serbisyong naka-link sa aming mga website; (4) anumang uri ng glitch, bug, error, o hindi pagiging tumpak sa aming mga website, software, system na pinapatakbo namin o sa ngalan namin (kabilang ang anumang network at server na ginagamit para maibigay ang alinman sa mga PayPal service), alinman sa mga PayPal service, o sa impormasyon at graphics na nakuha mula sa mga ito; (5) ang content, mga aksyon, o mga hindi pagkilos ng mga third party; (6) pagsuspinde o iba pang aksyong isinagawa kaugnay ng PayPal account mo; o (7) pangangailangan mong baguhin ang mga kagawian, content, o gawi mo, o pagkawala ng negosyo mo o kawalan mo ng kakayahang magnegosyo, bilang resulta ng mga pagbabago sa user agreement na ito o mga polisiya ng PayPal.

Disclaimer sa Warranty at Release

Walang warranty

"As-is" na ibinibigay ang mga PayPal service nang walang anumang representasyon o warranty, hayagan man, hindi tahasan, o nasa batas. Partikular na itinatatwa ng PayPal ang anumang hindi tahasang warranty ng pamagat, merchantability, kaangkupan para sa isang partikular na layunin, at hindi paglabag.

Walang anumang kontrol ang PayPal sa mga produkto o serbisyong ibinibigay ng mga seller na tumatanggap ng PayPal bilang paraan ng pagbabayad, at hindi matitiyak ng PayPal na talagang kukumpletuhin ng buyer o seller kung kanino ka nakikipag-ugnayan ang transaction o kung awtorisado siyang gawin ito. Hindi iginagarantiya ng PayPal ang tuloy-tuloy, hindi naaantala, o secure na access sa anumang bahagi ng mga PayPal service, at ang pagpapatakbo ng aming mga website, software, o system na pinapatakbo namin o sa ngalan namin (kabilang ang anumang network at server na ginagamit namin para maibigay ang alinman sa mga PayPal service) ay posibleng maapektuhan ng maraming salik na wala sa aming kontrol. Gagawa ang PayPal ng mga makatuwirang pagsisikap para tiyaking ang mga request mo para sa mga electronic na debit at credit na nauugnay sa mga bank account, debit card, credit card, at pagkuha ng tseke ay ipoproseso sa tamang oras pero hindi gagawa ang PayPal ng mga representasyon o warranty kaugnay ng tagal ng panahong kailangan para makumpleto ang pagproseso dahil

nakadepende ang mga PayPal service sa maraming salik na wala sa aming kontrol, gaya ng mga pagkaantala sa banking system o serbisyo sa pag-mail. Ibinibigay sa iyo sa talatang ito ang mga partikular na legal na karapatan at posible ring mayroon ka pang ibang legal na karapatang magkakaiiba-iba sa bawat bansa/rehiyon.

Release ng PayPal

Kung may dispute ka sa sinupamang may-ari ng PayPal account, inere-release mo ang PayPal mula sa anuman at lahat ng uri at katangian ng claim, demanda, at pinsalang (aktwal at kinahinatnan), kilala at hindi kilala, magmumula o nauugnay sa anumang paraan sa mga nasabing dispute. Sa pagkilala ng release na ito, hayagan mong isinusuko ang anumang proteksyong maglilimita sa coverage ng release na ito na isama lang ang mga claim na iyon na alam o pinaghihinalaan mong nasa panig mo sa panahong sinang-ayunan ang release na ito.

Mga Dispute sa PayPal

I-contact Muna ang PayPal

Kung magkakaroon ng dispute sa pagitan mo at ng PayPal bilang mamimili o seller, layunin naming alamin ang tungkol sa mga alalahanin mo at tugunan ang mga ito. Kung hindi namin ito magagawa sa ikasisiya mo, layunin naming bigyan ka ng neutral at murang paraan ng paglutas sa dispute nang mabilisan. Ang mga dispute sa pagitan mo at ng PayPal kaugnay ng mga serbisyo ay pwedeng iulat sa **PayPal Customer Service**.

Paglilitis

Para sa anumang claim (bukod sa mga claim prara sa injunctive o iba pang equitable relief) kung saan ang kabuuang halaga ng award na hinihiling ay mas mababa sa \$10,000 USD (o iba pang katumbas na currency nito), pwede mong piliing lutasin ang dispute sa murang paraan sa pamamagitan ng pag-bind ng paglilitis na non-appearance based. Kung pipiliin mo ang paglilitis, sisimulan mo ang nasabing paglilitis sa pamamagitan ng nagawang provider ng kahaliling paglutas ng reklamo (alternative dispute resolution, "ADR") na parehong sinang-ayunan mo at namin. Ang provider ng ADR at mga partido ay dapat sumunod sa mga sumusunod na panuntunan: (a) dapat isagawa ang paglilitis sa pamamagitan ng telepono, online, at/o nang nakabase lang sa mga isusumiteng nakasulat, ikaw ang pipili ng partikular na paraan; (b) wala dapat kasama ang paglilitis na anumang personal na pagpapakita ng mga partido o saksi maliban kung parehong sinang-ayunan ng mga partido; at (c) ang anumang pagpapasya sa award na ibinigay ng arbitrator ay pwedeng kilalanin sa anumang hukuman ng may-kapangyarihang hurisdiksyon.

Intellectual Property

Mga trademark ng PayPal

Ang "PayPal.com," "PayPal," at lahat ng logo na nauugnay sa mga PayPal service ay mga trademark o nakarehistrong trademark ng PayPal o licensor ng PayPal. Hindi mo pwedeng kopyahin, gayahin, baguhin, o gamitin ang mga ito nang walang paunang nakasulat na pahintulot ng PayPal. Dagdag pa, ang lahat ng header ng page, custom na graphic, icon ng button, at script ay mga marka ng serbisyo, trademark, at/o trade dress ng PayPal. Hindi mo pwedeng kopyahin, gayahin, baguhin, o gamitin ang mga ito nang walang paunang nakasulat na pahintulot. Pwede mong gamitin ang mga logo ng HTML na ibinibigay ng PayPal para sa layunin ng pagdirekta ng trapiko sa web sa mga PayPal service. Hindi mo pwedeng ibahin, baguhin, o palitan ang mga logo ng HTML na ito sa anumang paraan, gamitin ang mga ito sa paraang maling maisalarawan ang PayPal o mga PayPal service, o ipakita ang mga ito sa anumang paraang nagpapahayag ng pag-sponsor o pag-endorso ng PayPal. Ang lahat ng karapatan, pamagat, at interes sa mga website ng PayPal, anumang content na naroon, PayPal service, teknolohiyang nauugnay sa mga PayPal service, at anuman at lahat ng teknolohiya at anumang content na ginawa o nakuha mula sa alinman sa mga nabanggit ay eksklusibong pag-aari ng PayPal at mga licensor nito.

Pagbibigay ng lisensya sa pangkalahatan

Kung gumagamit ka ng PayPal software gaya ng API, toolkit ng developer, o iba pang software application na posibleng may kasamang software na ibinibigay ng o kasama sa software, mga system, o mga serbisyo ng aming mga service provider na na-download o kung hindi man ay na-access mo sa pamamagitan ng web o mobile platform, bibigyan ka ng PayPal ng hindi mababawi, hindi eksklusibo, hindi masa-sublicense, hindi maililipat, limitadong lisensyang walang royalty para i-access at/o gamitin ang software ng PayPal alinsunod sa dokumentong kasama ng nasabing software. Nalalapat ang pagbibigay ng lisensyang ito sa software at lahat ng update, upgrade, bagong bersyon, at kapalit na software. Hindi mo pwedeng iparenta, ipaarkila, o kung hindi man ay ilipat ang mga karapatan mo sa software sa isang third party. Dapat mong sundin ang mga kinakailangan sa pagpapatupad, pag-access, at paggamit na nasa lahat ng dokumentasyong kasama sa mga PayPal service. Kung hindi mo susundin ang mga kinakailangan sa pagpapatupad, pag-access, at paggamit, mananagot ka para sa lahat ng kinahinatnang pinsalang nararanasan mo, ng PayPal, at ng mga third party. Posibleng i-update o ihinto ng PayPal ang anumang software kapag inaabisuhan ka. Bagama't nagawa ng PayPal na (1) maglagay ng ilang partikular na materyales at teknolohiya ng third party sa anumang web o iba pang application, kabilang ang software nito, at/o (2) i-access at gamitin ang ilang partikular na materyales at teknolohiya ng third party para pangasiwaan ang pagbibigay sa iyo ng mga PayPal service, hindi ka pa nabigyan at hindi ka makakapagpanatili ng anumang karapatan sa anumang nasabing materyales ng third party. Sumasang-ayon kang walang

babaguhin, iibahin, pakikialaman, aayusin, kokopyahin, ire-reproduce, ipapakita, ipa-publish, ire-reverse engineer, isasalin, idi-disassemble, ide-decompile, o kung hindi man ay susubukang gumawa ng anumang source code na nakuha mula sa software o anumang materyales o teknolohiya ng third party, o kung hindi man ay gagawa ng anumang hinangong gawa mula sa alinman sa software o mga materyales o teknolohiya ng third party. Kinikilala mong ang lahat ng karapatan, pamagat, at interes sa software ng PayPal ay pag-aari ng PayPal at ang anumang materyales ng third party na kasama rito ay pag-aari ng mga third party na service provider ng PayPal. Ang anupamang third party na software application na ginagamit mo sa mga website ng PayPal ay napapailalim sa lisensyang sinang-ayunan mo at ng third party na nagbibigay sa iyo ng software na ito. Kinikilala mong walang pag-aari, kinokontrol, o anumang responsibilidad o pananagutan ang PayPal para sa anumang nasabing third party na software application na pinili mong gamitin sa alinman sa aming mga website, software, at/o kaugnay ng mga PayPal service. Kung ginagamit mo ang mga PayPal service sa website ng PayPal, o iba pang website o platform na hino-host ng PayPal, o isang third party, at hindi ka nagda-download ng software ng PayPal o gumagamit ng mga third party na software application sa website ng PayPal, hindi nalalapat ang seksyong ito sa paggamit mo ng mga hino-host na PayPal service.

Pagbibigay mo ng lisensya sa PayPal; mga warranty ng intelektwal na pag-aari

Hindi inaangkin ng PayPal ang content na ibinibigay, ina-upload, isinusumite, o ipinapadala mo sa PayPal. Hindi rin inaangkin ng PayPal ang content na hino-host mo sa mga third-party na website o application na gumagamit ng mga PayPal service para maibigay ang mga serbisyo sa pagbabayad na nauugnay sa content mo. Gaya ng napapailalim sa susunod na talata, kapag nagbigay ka ng content sa PayPal o nag-post ka ng content gamit ang mga PayPal service, binibigyan mo ang PayPal (at mga partidong nakikipagtulungan sa amin) ng hindi eksklusibo, hindi mababawi, walang royalty, hindi maililipat, at pandaigdigang lisensya para gamitin ang content at nauugnay na intelektwal na pag-aari at mga karapatan mo sa pagkakalantad sa anumang media na kilala ngayon o sa hinaharap para matulungan kaming mapahusay, mapatakbo, at ma-promote ang aming mga kasalukuyang serbisyo at makagawa ng mga bago nito. Hindi ka babayaran ng PayPal para sa alinman sa content mo. Kinikilala mong hindi lalabag ang paggamit ng PayPal ng content mo sa anumang intelektwal na pag-aari o mga karapatan sa pagkakalantad. Dagdag pa, kinikilala at binibigyang-katuwiran mong pag-aari o kung hindi man ay kinokontrol mo ang lahat ng karapatan ng content na ibinibigay mo, at sumasang-ayon kang isuko ang mga moral na karapatan mong igiit ang mga nasabing karapatan laban sa PayPal. Kinakatawan at binibigyang-katuwiran mong wala sa mga sumusunod ang lumalabag sa anumang intelektwal na pag-aari o karapatan sa pagkakalantad: ang pagbibigay mo ng content sa PayPal, pag-post mo ng content gamit ang mga PayPal service, at paggamit ng PayPal ng nasabing content (kabilang ang mga gawang hinango rito) kaugnay ng mga PayPal service.

Pagbibigay ng mga seller ng lisensya sa PayPal

Sa kabila ng mga probisyon ng naunang talata, kung isa kang seller na gumagamit ng mga PayPal service para tumanggap ng mga bayad para sa mga produkto at serbisyo, binibigyan mo ang PayPal at ang mga affiliate nito ng pandaigdigan, hindi eksklusibo, maililipat, masa-sublicense, (sa pamamagitan ng maraming antas), at walang royalty, bayad na lahat, na karapatang gamitin at ipakita sa publiko, sa termino ng user agreement na ito, ang (mga) trademark mo (kabilang ang, pero hindi limitado sa, mga nakarehistro at hindi nakarehistrong trademark, trade name, marka ng serbisyo, logo, pangalan ng domain, at iba pang pagtatalagang pagmamay-ari mo at nakalisensya sa iyo o ginagamit mo) para sa layunin ng (1) pagtukoy sa iyo bilang merchant na tumatanggap ng PayPal service bilang uri ng pagbabayad at pangangasiwa ng mga pakikipagtransaksyon ng consumer sa iyo, at (2) anupamang paggamit na partikular mong pinapahintulutan.

Iba pa

Pagtatalaga

Hindi ka pwedeng maglipat o magtalaga ng anumang karapatan o obligasyong mayroon ka sa ilalim ng user agreement na ito nang walang paunang nakasulat na pahintulot ng PayPal. Pwedeng ilipat o italaga ng PayPal ang user agreement na ito o anumang karapatan o obligasyon sa ilalim ng user agreement na ito anumang oras.

Mga Araw ng Negosyo

Ang ibig sabihin ng "(Mga) Araw ng Negosyo" ay Lunes hanggang Biyernes, hindi kasama ang mga pambansang holiday na kinikilala sa Singapore.

Mga dormant na account

Kung hindi ka magla-log in sa PayPal account mo sa loob ng dalawa o higit pang taon, pwedeng isara ng PayPal ang PayPal account mo at mapapailalim ang anumang hindi nagamit na pondo sa account mo sa mga naaangkop na batas kaugnay ng hindi pa na-claim na bayad.

Buong Kasunduan at Pananatili.

Itinatakda ng user agreement na ito, kasama ang anumang naaangkop na Polisiya sa page na Mga Legal na Kasunduan sa website ng PayPal, ang buong kasunduan mo at ng PayPal kaugnay ng mga PayPal service. Ang lahat ng nasabing tuntuning may katangiang manatili ay malalampasan ang pagwawakas ng user agreement na ito. Kung tutukuying invalid o hindi maipapatupad ang anumang probisyon ng user agreement na ito, mawawalan ng bisa ang nasabing probisyon at

ipapatupad ang ibang probisyon.

Sumasaklaw na batas at hurisdiksyon

Ang Agreement na ito ay sasaklawan at bibigyang-kahulugan alinsunod sa mga batas sa Singapore, bilang nalalapat ang mga nasabing batas sa mga kasunduang kinikilala at ganap na isasagawa sa Singapore, nang hindi isinasaalang-alang ang pagsasalungat ng mga probisyon ng batas. Maliban kung sinang-ayunan ng mga partido, sumasang-ayon kang ang anumang claim o dispute na mayroon ka laban sa PayPal ay dapat lutasin ng hukumang nasa Singapore o kung nasaan ang tagatanggol. Sumasang-ayon kang mapailalim nang walang bawian sa hindi eksklusibong hurisdiksyon ng mga hukumang nasa Singapore para sa layunin ng anumang pagdedemanda, aksyon, o iba pang paglilitis na magmumula sa user agreement na ito o paggamit mo ng aming mga website o serbisyo.

Maling Na-file na Paglilitis

Ang lahat ng claim na ihaharap mo laban sa PayPal ay dapat lutasin alinsunod sa user agreement na ito. Ang lahat ng claim na na-file o iniharap nang sumasalungat sa user agreement na ito ay isaalang-alang dapat na maling na-file at isang paglabag sa user agreement na ito. Kung magfa-file ka ng claim na sumasalungat sa user agreement na ito, pwedeng ibalik ng PayPal ang mga fee at gastusin para sa abogado (kabilang ang mga in-house na abogado at paralegal) hanggang \$1,000.00 USD bilang inabisuhan ka ng PayPal sa pamamagitan ng sulat tungkol sa maling na-file na claim, at hindi mo na-withdraw kaagad ang claim.

Pag-authenticate ng identity

Pinapahintulutan mo ang PayPal, nang direkta o sa pamamagitan ng mga third party, na magtanong ng kahit anong itinuturing naming kinakailangan para ma-verify ang identity mo. Posibleng kasama rito ang:

- paghingi sa iyo ng karagdagang impormasyon, gaya ng petsa ng kapanganakan mo, taxpayer o national identification number mo, aktwal na address mo, at iba pang impormasyong magbibigay-daan sa aming makatuwirang matukoy ka;
- paghiling sa iyo na gumawa ng mga hakbang para kumpirmahin ang pagmamay-ari ng email address o mga financial instrument mo;
- paghingi ng ulat ng credit mula sa isang ahensya para sa pag-uulat ng credit;
- pag-verify sa impormasyon mo sa mga third party na database o sa pamamagitan ng iba pang source; o
- paghiling sa iyo na magbigay ng karagdagang dokumentasyon, gaya ng lisensya mo sa pagmamaneho at iba pang dokumento ng identity anumang oras.

Posibleng hilingin ng mga pampinansyal na batas laban sa money laundering at laban sa terorismo na i-verify ng PayPal ang ilang partikular na impormasyon ng identity kung gagamit ka ng ilang partikular na PayPal service. Nakareserba sa PayPal ang karapatang isara, suspindihin, o limitahan ang access sa PayPal account mo at/o mga PayPal service kapag, pagkatapos ng mga makatuwirang pagtatanong, hindi namin nakuha ang impormasyon tungkol sa iyo na kailangan para ma-verify ang identity mo.

Ang PayPal ay isang service provider lang ng pagbabayad.

Nagsisilbi lang kaming service provider ng pagbabayad. Hindi kami/namin:

- Nagsisilbing bangko o nagbibigay ng mga banking service;
 - Nagsisilbing escrow agent kaugnay ng anumang pondong nakalagay sa account mo;
 - Nagsisilbing ahente o katiwala mo;
 - Kumikilala ng partnership, joint venture, ugnayan ng ahensya, o trabaho sa iyo;
 - Kumokontrol sa, o mananagot para sa, mga produkto o serbisyong binayaran gamit ang mga PayPal service;
 - Iginagarantiya ang identity ng sinumang buyer o seller;
 - Tinitiyak na kukumpletuhin ng buyer o seller ang isang transaction;
 - Tutukuyin kung nananagot ka para sa anumang Buwis; o
 - Maliban kung hayagang tinukoy sa user agreement na ito, kokolektahin o babayaran ang anumang Buwis na magmumula sa paggamit mo ng aming mga serbisyo.
-

Pagtatasa ng website mo

Kung mag-i-integrate ka o magre-reference ng mga serbisyo ng PayPal sa website mo, pwedeng gumamit ang PayPal ng automated na teknolohiya (hal., website crawling) para suriin ang website mo at kolektahin ang anumang pampublikong accessible o available na data para matiyak ang pagsunod sa kasunduang ito at para labanan ang masama o mapanlokong activity.

Kaugnay sa mga ganitong teknolohiya, hindi mangongolekta ang PayPal ng alinman sa personal na data ng customer mo. Gayunpaman, posibleng may mga oras na nangongolekta kami ng personal na data tungkol sa iyo na inilalathala mo sa mga website mo. Ang naturang personal na data ay ipoproseso para sa mga layuning inilalarawan sa seksyong ito at mapapailalim sa aming **Privacy Statement**.

Privacy

Napakahalaga sa amin ng pagprotekta sa privacy mo. I-review ang aming **Privacy Statement** para mas maunawaan ang aming pagtuon sa pagpapanatili sa privacy mo, pati na rin ang aming paggamit at pag-disclose ng impormasyon mo.

Mga Tuntunin sa English; Pagsasalin ng kasunduan

Hayagang hiniling ng mga partido na isulat sa English ang mga tuntuning ito at anumang direkta o hindi direktang nauugnay na dokumento. Ang anumang pagsasalin ng user agreement na ito ay ibinibigay lang para sa ikakaghinawa mo at hindi nito nilalayong baguhin ang mga tuntunin ng user agreement na ito. Kung sakaling magkaroon ng pagsasalungat sa pagitan ng English na bersyon ng user agreement na ito at ng isang bersyong nasa isang wikang hindi English, ang English na bersyon ang susundin.

Ang paggamit mo (bilang isang seller) ng personal na data; Mga batas sa proteksyon ng data

Sa lawak ikaw, ang kapasidad mo bilang isang seller at/o isang business profile, ipinoproseso mo ang anumang personal na data tungkol sa customer ng PayPal alinsunod sa kasunduan sa user na ito, ikaw at ang PayPal ay magiging independent na data controller (at hindi mga joint controller), ibig sabihin, magkahiwalay naming tutukuyin ang mga layunin at paraan ng pagpoproseso ng naturang personal na data. Sumasang-ayon kaming sundin ang bawat isa sa mga iniaatas ng anumang naaangkop na privacy at batas sa proteksyon ng data, kasama ang anumang naaangkop na regulasyon, direktiba, code ng pagsasanay, at mga kinakailangang regulasyon na naaangkop sa mga data controller kaugnay sa kasunduan sa user na ito. Bawat isa rin sa atin ay may at susunod din sa ating nagsasariling-tinukoy na mga privacy statement, abiso, mga patakaran, at paraan para sa anumang naturang personal na data na ipinoproseso namin kaugnay sa user agreement na ito.

Sa pagsunod sa naaangkop na mga batas sa proteksyon ng data, ang bawat isa sa atin ay:

- magpapatupad at magpapanatili ng lahat ng naaangkop na panseguridad na hakbang kaugnay sa pagpoproseso ng personal na data;
- magpapanatili ng record ng lahat ng aktibidad ng pagpoproseso na isinagawa sa ilalim ng user agreement na ito; at
- hindi sinasadya o sadyang gumawa ng anumang bagay, o may sadyang, o sadyang magpahintulot ng anumang bagay, na maaaring humantong sa paglabag sa iba pang partido ng naaangkop na batas ng proteksyon sa data.

Anumang personal na data na ibinigay sa iyo ng PayPal kaugnay sa mga serbisyo ng PayPal, hindi kasama ang personal na data na nakolekta o nakuha mo nang direkta mula sa customer na gagamitin mo lang sa limitadong lawak na kinakailangan at nauugnay sa mga serbisyo ng PayPal at hindi para sa iba pang layunin, kabilang ang mga layunin ng marketing, maliban na lang kung nakuha mo na ang naunang pahintulot ng customer. Kumakatawan ka, nagwarrant, at nangangakong ibibigay at/o kukunin mo ang lahat ng kinakailangang disclosure at pahintulot, kung naaangkop, kaugnay ng iyong pangongolekta ng data at pagbabahagi ng mga kagawian sa PayPal. Hindi mo pwedeng ihayag o ipamahagi sa iyo ang anumang personal na data ng customer na ibinigay sa iyo ng PayPal sa isang third party, malipan na lang kung ang naturang third party ay service provider mo at kumikilos sa ngalan mo (gaya ng tinutukoy ng naaangkop na batas).

Sumasang-ayon ang mga partido na pwedeng mag-transfer ang PayPal ng personal na data ng customer sa ilalim ng kasunduang ito sa labas ng bansa kung saan ito nakolekta kung kinakailangan para maibigay ang Mga PayPal service. Kung nagta-transfer ang PayPal ng personal na data ng customer na pinrotektahan sa ilalim ng user agreement na ito sa isang hurisdiksyon kung saan ang naaangkop na panregulatoryong awtoridad para sa bansa kung saan ang kinolektang data ay hindi nag-isyu ng desisyon tungkol sa pagiging sapat, titiyakin ng PayPal na ipinatupad ang mga naaangkop na proteksyon para sa pag-transfer ng personal na data ng customer alinsunod sa mga naaangkop na batas sa pagprotekta ng data. Halimbawa, at para sa mga layunin ng pagsunod sa Regulation (EU) 2016/679, umaasa kami sa Binding Corporate Rules na inaprubahan ng mga may-kapangyarihang awtoridad ng pamamahala at iba pang mekanismo ng pag-transfer ng data para sa mga pag-transfer ng personal na data ng customer sa iba pang mga miyembro ng PayPal Group.

Pagbubunyag ng mga Pangangalagang Kasunduan sa ilalim ng batas ng Singapore

Ang seksyong ito ay nagbibigay ng impormasyon tungkol sa kung paano pinangangalagaan ng PayPal ang mga pondong natatanggap namin mula sa o sa account ng mga customer ("ang pondo mo") ayon sa iniaatas ng batas sa Singapore, maliban na lang kung ilalapat ang mga Exception sa ibaba.

Pinapangalagaan namin ang pondo mo sa pamamagitan ng pagdeposito sa mga ito sa (mga) trust account sa aming pangalan nang may bangko o iba pang nangangalagang institusyon sa Singapore.

Ginagamit din namin ang (mga) parehong trust account para pangalagaan ang mga pondong hawak namin para sa iba pang customer, na ang ibig sabihin ay:

- Binubuo ang pondo mula sa iba't ibang customer sa (mga) trust account.
- Hindi posibleng tukuyin o i-isolate ang bahagi ng mga pondo sa (mga) trust account gaya ng anumang partikular na customer.
- Kung naging insolvent ang (mga) nangangalagang institusyon o hindi nito matugunan ang mga obligasyon nito, may panganib na posibleng hindi mo ma-recover ang ilan o lahat ng pondo sa (mga) trust account na hawak namin sa ngalan mo.

Sumasang-ayon kang kwalipikado kami sa lahat ng mababayarang interes sa mga pondo sa (mga) trust account.

Mga Exception

Kung saan ka naninirahan sa labas ng Singapore (kabilang kung isa kang entity na hindi itinatag sa Singapore at hindi ito ipinapadala sa negosyo sa Singapore), hindi nalalapat ang mga pag-iingat na inilalarawan sa itaas sa pondo mo, maliban kung magwi-withdraw ka ng balanse sa PayPal account mo sa isang Singapore bank account at mananatiling transit ang pondo.

Mga Tuntuning Partikular sa Bansa/Rehiyon

Nalalapat lang ang terms and conditions ito sa mga may-ari ng account para sa mga PayPal account na nakarehistro sa mga sumusunod na bansa. Kung sakaling magkaroon ng pagsasalungat sa pagitan ng mga tuntunin ng user agreement na ito at mga tuntunin sa ibaba, malalapat ang mga tuntuning partikular sa bansa/rehiyon sa ibaba:

Croatia at Iceland

Mga Probisyon ng Proteksyon sa Data para sa mga seller. Kung ikaw, bilang isang seller sa Croatian o Icelandic PayPal account, ay nagta-transfer ng personal na data ng mga customer na makikita, ayon sa pagkakasunod-sunod, sa Croatia o Iceland, bawat isa sa amin ay sumasang-ayong pumasok sa mga standard na claus ng kontratang makikita **rito**, na bahagi ng user agreement na ito.

Mainland China

Kung gumagamit ka ng serbisyong ("Third Party na Serbisyo") iniaalok ng partner na bangko o lisensyadong service provider ng foreign exchange ng PayPal (isang "Service Provider"), tingnan ang terms and conditions ng Service Provider para sa karagdagang impormasyong nuaugnay sa serbisyong iyon.

Kung sakaling magkaroon ng anumang dispute, demanda, aksyon, o paglilitis ("Mga Dispute") sa pagitan mo at ng Service Provider dahil sa anumang pagkaantala o hindi pagbabayad ng anumang pondong dapat ibayad sa iyo, ini-indemnify mo ang PayPal, mga affiliate ng PayPal, at mga empleyado nito laban sa anumang danyos, claim, paniningil, gastusin, at/o pagkalugi na magmumula sa mga nasabing Dispute. Sumasang-ayon ka ring walang magiging pananagutan sa iyo ang PayPal kaugnay sa anumang pondo na na-transfer na mula sa PayPal account mo papunta sa isang Service Provider.

Kinikilala mo at sumasang-ayon kang pwedeng ibahagi ng PayPal ang impormasyong ibinigay mo alinsunod sa Privacy Statement ng PayPal at sa mga tuntunin ng kasunduan sa pagitan mo at ng PayPal sa isang Service Provider, kabilang ang para sa sumusunod na dahilan; para mabigyang-daan ang Service Provider na maisagawa ang kailangang naaangkop na pagsisikap alinsunod sa mga obligasyong Know-your-customer (KYC) ng Service Provider.

Hindi magkakaroon ng responsibilidad ang PayPal para sa anumang pagkalugi o pagkasira na naidulot o natamo mo dahil sa anumang (i) pagkabigo, pagkaantala, depekto, o kapabayaan o sadyang maling paggamit ng Third Party na Serbisyo; o (ii) kahihinatnan na magmumula sa pagkaantala o hindi pagkakatanggap ng pondo na na-withdraw sa pamamagitan ng Third Party na Serbisyo.

Pwede naming amyendahan paminsan-minsan ang user agreement at ang anuman sa mga polisiya at iba pang kasunduan sa page na Mga Legal na Kasunduan na nalalapat sa mga user sa Mainland China. Magkakabisa ang inirebisang bersyon sa oras na na-post namin ito sa aming website, maliban kung iba ang binanggit. Kung mababawasan ang mga karapatan mo o madaragdagan ang mga responsibilidad mo dahil sa mga pagbabagong gagawin namin, magpo-post kami ng paunawa sa page na Mga Update sa Policy ng aming website at magbibigay kami ng hindi iikli sa 30 araw na paunang abiso.

Mananatiling ganap na may bisa ang lahat ng iba pang probisyon ng user agreement maliban na lang sa mga saklaw na probisyong inamyendahan ng terms and conditions na ito.

Colombia

Simula Setyembre 1, 2015, ang mga user ng PayPal na Residente ng Colombia ay pwede lang tumanggap at magpadala ng mga international na pagbabayad. Hindi available ang lokal na pagbabayad sa pagitan ng dalawang user ng PayPal na Residente ng Colombia.

Tinutukoy ang "Residente ng Colombia" bilang:

- isang indibidwal, anuman ang kanyang aktwal na nasyonalidad, na nagsaad na Colombia ang kanyang bansa o rehiyon noong nag-sign up siya para sa isang PayPal account; at
- isang entity, partnership, organisasyon, o asosasyon na nagsaad na Colombia ang bansa o rehiyon kung saan ito nakarehistro noong nag-sign up ito para sa isang PayPal account.

Malaysia

Inaprubahan ng Bank Negara Malaysia ang PayPal para makapagpatakbo ng e-Money na negosyo. Samakatuwid, kung isa kang customer sa Malaysia at hindi mabilis at mabisang makakatugon sa iyo ang PayPal kaugnay sa mga serbisyo ng PayPal alinsunod sa paggamit mo sa proseso ng pagresolba sa dispute na nakasaad sa seksyong Mga Dispute sa PayPal ng user agreement na ito o sa pag-contact mo sa PayPal Customer Support, pwede mo ring i-contact ang Bank Negara sa pamamagitan ng BNMLINK at BNMTELELINK.

Pwedeng direktang i-contact ang BNMTELELINK sa pamamagitan ng telepono, fax, sulat, o email. Pwedeng makipag-ugnayan ang publiko sa BNMLINK at BNMTELELINK para sa impormasyon, tanong, o pagreremedyo na may kaugnayan sa kumbensyonal at Islamic na banking, insurance, takaful, at pagpapayo na mga serbisyo para sa mga maliit at katamtamang negosyo, pangangasiwa ng foreign exchange, at iba pang usapin sa ilalim ng hurisdiksyon ng Bank Negara

Malaysia. Ang mga detalye sa pakikipag-ugnayan para sa BNMTELELINK ay:

BNMTELELINK

Jabatan Komunikasi Korporat

Bank Negara Malaysia

P.O.Box 10922

50929 Kuala Lumpur

Numero ng telepono: 1-300-88-5465 (LINK)

Fax: 03-2174 1515

Email: bnmtelelink@bnm.gov.my

Ang mga oras ng operasyon ng BNMLINK at BNMTELELINK ay mula: Lunes – Biyernes, 9.00 a.m. – 5.00 p.m. Malaysia Time

Privacy Statement. Bukod pa sa bersyon ng Privacy Policy na nakasalin sa English na isinama sa Kasunduang ito, ang bersyon ng polisiya na nakasalin sa Bahasa Melayu ay available din sa pamamagitan ng pag-click sa sumusunod na link.

Financial Ombudsman Scheme. Ang PayPal ay isang miyembro ng Financial Ombudsman Scheme na inaprubahan ng Bank Negara Malaysia. Ang operator na inaprubahang isagawa ang scheme ay ang Ombudsman for Financial Services (OFS) na isang independent na alternatibong channel para sa pagresolba sa dispute na sakop ang mga kwalipikadong customer ng Malaysia. Ibinibigay ang mga serbisyo ng OFS nang libre sa mga kwalipikadong nagrereklamo na posibleng hindi nasiyahan sa pagresolba ng PayPal. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa timeframe para maihain ang dispute at tungkol sa mga uri ng Award na pwedeng ibigay ng Ombudsman, bumisita sa www.ofs.org.my.

Pag-withdraw ng Pondo sa Malaysia. Kung nakarehistro sa Malaysia ang Account mo, pwede ka lang mag-withdraw ng pondo mula sa Account mo sa pamamagitan ng pag-transfer sa mga ito sa lokal na bank account sa Malaysia.

Sumasaklaw na Batas. Para sa mga residente ng Malaysia na nagpaparehistro para sa mga PayPal service gamit ang isang address sa Malaysia, ang user agreement na ito ay saklaw ng at binibigyang-kahulugan sa ilalim ng mga batas ng Malaysia dahil inilalapat ang mga batas na ito sa mga pinapasok na kasunduan at ganap na isasagawa ang mga ito sa Malaysia. Mananatiling ganap na may bisa ang lahat ng iba pang probisyon ng user agreement maliban na lang kung inamyendahan ng terms and conditions na ito.

Mga Pag-amyenda. Pwede naming amyendahan paminsan-minsan ang user agreement na ito at ang anuman sa mga polisiya at iba pang kasunduan sa page na Mga Legal na Kasunduan na nalalapat sa mga user sa Malaysia. Magkakabisa ang inirebisang bersyon sa oras na na-post namin ito sa aming website, maliban kung iba ang binanggit. Kung mababawasan ang mga karapatan mo o madaragdagan ang mga responsibilidad mo dahil sa mga pagbabagong gagawin namin, magpo-post kami ng paunawa sa page na Mga Update sa Policy ng aming website at magbibigay kami ng hindi iikli sa 21 araw na paunang abiso.

Mga karapatan ng PayPal sa pagsususpindi at pagwawakas. Nakareserba sa PayPal, sa sarili nitong pagpapasya, ang karapatang suspindihin o wakasan ang user agreement na ito, access o paggamit sa mga website, software, mga system nito (kabilang ang anumang network at server na ginagamit para maibigay ang alinman sa mga PayPal service) na pinapatakbo namin o sa ngalan namin, o ang ilan sa o lahat ng PayPal service sa anumang oras pagkatapos kang maabisuhan: (i) kung lalabag ka sa user agreement na ito, sa PayPal Acceptable Use Policy, sa Mga Kasunduan sa Commercial Entity (kung nalalapat ito sa iyo), o anupamang kasunduan sa pagitan mo at ng PayPal, o (ii) kung mapagpapasyahan namin, nang kumikilos nang makatuwiran, na dapat naming gawin ito dahil sa iba pang sitwasyon o dahilan. Magiging pinal at may bisa ang aming pagpapasya maliban kung magkakaroon ng pagkakamali o masamang intensyon. Sa pagwawakas ng user agreement na ito, isasaayos ng PayPal ang pagbabayad sa iyo ng anumang hindi pinaghihigpitang pondo na naka-hold sa balanse ng PayPal account mo.

Morocco

Kapag na-enable na ang withdrawal na functionality sa isang bank account sa Morocco sa partner na bangko ng PayPal, kakailanganin mong sumunod sa mga batas at regulasyon ng Morocco. Partikular itong nangangahulugan na kung makatanggap ka ng pera sa balanse ng iyong PayPal account mula sa isang user ng PayPal, dapat mong i-withdraw ang halaga sa balanse ng PayPal account mo papunta sa iyong bank account sa Morocco* sa loob ng 30 Araw pagkatanggap ng pondo.

* May sinisingil na fee kada withdrawal ang partner na bangko ng PayPal para sa withdrawal na functionality. Kapag na-enable na ang pagtanggap at withdrawal na mga functionality, magbibigay sa iyo ang PayPal ng karagdagang impormasyon.

Ang Philippines

Kung gumagamit ka ng serbisyong ("Third Party na Serbisyo") iniaalok ng partner na bangko ng PayPal, lisensyadong service provider ng foreign-exchange, ahente ng remittance, o e-money issuer (isang "Service Provider"), pakitingnan ang terms and conditions ng Service Provider para sa karagdagang impormasyong naaunay sa serbisyong iyon.

Kung sakaling magkaroon ng anumang dispute, demanda, aksyon, o paglilitis ("Mga Dispute") sa pagitan mo at ng Service Provider dahil sa anumang pagkaantala o hindi pagbabayad ng anumang pondong dapat ibayad sa iyo, ini-indemnify mo ang PayPal, mga affiliate ng PayPal, at mga empleyado nito laban sa anumang danyos, claim, paniningil, gastusin, at/o pagkalugi na magmumula sa mga nasabing Dispute. Sumasang-ayon ka ring walang magiging pananagutan sa iyo ang PayPal kaugnay sa anumang pondo na na-transfer na mula sa PayPal account mo papunta sa isang Service Provider.

Kinikilala mo at sumasang-ayon kang pwedeng ibahagi ng PayPal ang impormasyong ibinigay mo alinsunod sa Privacy Statement ng PayPal at ang mga tuntunin ng kasunduan sa pagitan mo at ng PayPal sa Service Provider para mabigyang-daan ang Service Provider na maisagawa ang kailangang naaangkop na pagsisikap alinsunod sa mga obligasyong Know-your-customer (KYC) ng Service Provider.

Hindi magkakaroon ng responsibilidad ang PayPal para sa anumang pagkalugi o pagkasira na naidulot o natamo mo dahil sa anumang (i) pagkabigo, pagkaantala, depekto, o kapabayaang o sadyang maling paggamit ng Third Party na Serbisyo; o (ii) kahihinatnan na magmumula sa anumang pagkaantala o hindi pagkakatanggap ng pondo na na-withdraw sa pamamagitan ng Third Party na Serbisyo.

Mga Pag-amyenda. Puwede naming amyendahan paminsan-minsan ang user agreement na ito at ang anuman sa mga polisiya at iba pang kasunduan sa page na Mga Legal na Kasunduan na nalalapat sa mga user sa Pilipinas. Magkakabisa ang nirebisang bersyon sa oras na na-post namin ito sa aming website, maliban kung iba ang binanggit. Kung aabisuhan namin ang user agreement na ito, magpo-post kami ng abiso sa page ng Mga Update sa Polisiya sa aming website at magbibigay ito sa iyo ng hindi bababa sa 60 araw na abiso, maliban na lang kung kinakailangan ng mas maikling panahon ng abiso sa ilalim ng batas o regulasyon ng Pilipinas.

Mananatiling ganap na may bisa ang lahat ng iba pang probisyon ng user agreement maliban na lang sa mga saklaw na probisyong inamyendahan ng terms and conditions na ito.

South Africa

Kailangan mong sumunod sa mga regulasyon sa exchange control. Ibig sabihin:

1. Kung makakatanggap ka ng pera sa balanse ng PayPal account mo mula sa isang PayPal user:

(i) hindi mo pwedeng ipadala ang perang iyon sa isa pang user ng PayPal para sa pagbili o para sa anumang dahilan.

(ii) dapat mong i-withdraw ang pera sa balanse ng PayPal account mo papunta sa bank account mo sa South Africa* sa loob ng 30 Araw pagkatanggap ng pondo.

2. Kung gusto mong magpadala ng pera sa isa pang user ng PayPal:

(i) dapat mo itong gawin gamit man ang credit card na nauugnay sa account mo, o sa pamamagitan ng pag-top up sa balanse sa iyong PayPal account mula sa bank account mo sa FNB*.

(ii) Para sa mga pagbili gamit ang pag-top up, dapat kang gumawa ng hiwalay na pag-top up para sa bawat pagbili.

* May fee na sinisingil ang FNB para sa bawat pag-top up at withdrawal. Tingnan ang website ng FNB para sa higit pang impormasyon.

Singapore

Ang mga PayPal service ay iniaalok ng PayPal Pte. Ltd., na matatagpuan sa 5 Temasek Boulevard #09-01, Suntec Tower Five, Singapore 038985. Ang aming mga oras ng operasyon ay sa mga Araw ng Negosyo mula 9am hanggang 5pm. Kung isa kang residente ng Singapore, pwede mong ipa-email sa sarili mo ang impormasyong ito sa pamamagitan ng pagpapadala ng sulat sa address sa itaas na naglalaman ng email address mo at request para sa impormasyong ito. Ang mga fee para sa aming mga serbisyo ay inilarawan sa aming **Table ng Mga Fee**.

Kaya lang pangasiwaan ng PayPal account mo ang mga pagbabayad para sa mga produkto at serbisyo, hindi sa mga transfer ng personal na pondo.

Para sa mga personal na account, pakitandaan na posibleng may limit sa kabuuang balanse na pwede mong i-hold sa lahat ng personal na account o sa kabuuang halaga ng mga palabas na transaction na posibleng gawin mula sa lahat ng personal na account na mayroon ka sa amin bilang paglalarawan ng batas o ayon sa maaaring ipasya namin.

Bilang karagdagan, kung isa kang indibidwal o sole proprietor, kinakailangan naming ipaalam sa iyo ang mga obligasyon mo sa ilalim ng User Protection Guidelines ng E-Payments na inilathala ng Monetary Authority ng Singapore gaya ng nakasaad sa ibaba:

- ibigay mo sa amin ang mga detalye ng contact mo na kinakailangan namin para makapagpadala kami sa iyo ng mga notification ayon sa iniaatas sa amin sa ilalim ng mga alituntunin. Bilang minimum, kung pinili mong makatanggap ng notification sa transaction sa pamamagitan ng SMS, dapat mong ibigay sa amin ang Singapore mobile phone number mo, at kung pinili mong makatanggap ng notification sa pamamagitan ng email, dapat mong ibigay sa amin ang mail address mo;
- Ikaw ang magiging responsable para sa pag-enable sa mga alerto ng notification sa transaction, para matanggap ang lahat ng notification sa transaction para sa lahat ng palabas na transaction na ginawa mula sa account mo, at para masubaybayan ang mga notification sa transaction na ipinadala namin sa email mo, nang hindi kailangan ng mga karagdagang paalala o paulit-ulit na notification.
- Gaya ng nabanggit sa itaas, hindi mo dapat kusang ibunyag ang alinman sa mga password mo sa anumang third party, (maliban na lang sa bilin namin). Hindi mo dapat isiwalat ang password mo sa nakikilalang paraan sa iyong account, authentication device, o anumang container para sa account mo, at hindi ka dapat gumawa ng record ng password mo sa paraang nagbibigay-daan sa isang third party na gamitin nang mali ang iyong password.
- Kung gagawa ka ng record ng password mo, dapat kang gumawa ng mga makatwirang pagsisikap para mapanatiling ligtas ang record, halimbawa, sa pamamagitan ng pagpapanatili nito sa pisikal na lugar kung saan ikaw lang ang nakakaalam o pwedeng mag-access, o panatilihin ito sa isang lugar kung saan hindi malamang na makita ito ng isang third party.
- Bilang minimum, dapat mong gawin ang mga sumusunod para protektahan ang account mo:
 - i-update ang browser ng (mga) device mo sa pinakabagong available na bersyon,

- i-patch ang mga operating system ng (mga) device mo gamit ang mga regular na update sa seguridad,
 - i-install at panatilihin ang pinakabagong anti-virus software sa (mga) device mo, at
 - gumamit ng mga password na mahirap hulaan, tulad ng mga pinaghalong letra, numero at simbolo.
- Dapat mong iulat ang anumang Hindi Awtorisadong Transaction sa PayPal sa lalong madaling panahon pagkatapos matanggap ang anumang alerto ng notification sa transaction para sa anumang Hindi Awtorisadong Transaction. Kung may pagka-antala sa pag-uulat, at humihingi kami ng ganoong dahilan, dapat mong ibigay sa amin ang mga dahilan para sa naantalang ulat. Ang pag-uulat para sa Mga Hindi Awtorisadong Transaction ay nakadetalye sa itaas. Maaari ring kailanganin mong gumawa ng ulat sa pulis kung hiniling namin, para mapadali ang aming proseso ng imbestigasyon sa claims.
 - Dapat mo ring ipaalam sa ibang tao na binigyan mo ng awtorisasyon (alinsunod sa Kasunduang ito) na gamitin ang PayPal account mo, kung mayroon man, ng aming mga tagubilin at payo sa security.

Ang aming mga obligasyon ay:

- Ayon sa mga kagustuhan mo, magbibigay kami ng mga notification sa transaction tungkol sa lahat ng iyong mga palabas na transaction na ipinadala sa email mo, o sa bawat email na pinili mo para makatanggap ng mga naturang notification. Ipinapadala ang mga notification na ito nang real time para sa bawat transaction. Sasamahan namin ang notification ng email sa transaction nang may notification sa aming website. Ang notification ay maglalaman din ng sumusunod na impormasyon (maliban sa impormasyong iniwan namin para sa pagiging kumpidensyal) para matukoy mo ang transaction bilang awtorisado:
 - Impormasyong nagbibigay-daan sa iyong matukoy ang account mo (hal. sa pamamagitan ng pangalan ng account mo),
 - Impormasyong nagbibigay-daan sa iyong tukuyin ang recipient,
 - Impormasyong nagbibigay-daan sa aming tukuyin ka kalaunan, ang account mo, at ang account ng recipient,
 - Halaga ng transaction;
 - Oras at petsa ng transaction,
 - Uri ng transaction,
 - Kung ang transaction ay para sa mga produkto at serbisyong ibinigay ng negosyo, ang trading name ng merchant at reference number para sa transaction (kung naaangkop).

Pakitandaan na posibleng makaapekto ang mga gusto mo sa notification sa kakayahan mong makita ang mga Hindi Awtorisadong Transaction sa napapanahong paraan, at ang iyong pananagutan para sa anumang Hindi Awtorisadong Transaction.

Bilang karagdagan sa mga paraan sa itaas, kukumpletuhin namin ang imbestigasyon sa anumang claim ng Hindi Awtorisadong Transaction sa loob ng 21 araw ng negosyo, para sa mga tuwirang kaso, o 45 araw ng negosyo, para sa mga kumplikadong kaso. Posibleng kasama sa mga kumplikadong kaso ang mga kaso kung saan ang anumang partido sa Hindi Awtorisadong Transaction ay nananatiling nasa ibang bansa o kung saan hindi pa namin natatanggap ang sapat na impormasyon mula sa iyo para makumpleto ang imbestigasyon. Magbibigay kami ng sulat o oral na ulat ng kinalabasan ng imbestigasyon at ang pagtatasa ng iyong pananagutan at hihingin sa iyo ang pagkilala mo sa ulat ng imbestigasyon. Pwede rin naming hilingin na magbigay ka ng ulat ng pulis bago namin simulan ang aming proseso sa pagresolba ng claim. Kung saan ka hindi sumasang-ayon sa aming pagtatasa, maaari naming simulan ang ibang paraan ng pagresolba sa dispute.

Taiwan

Para magkaroon ng kakayahang ma-withdraw ang balanse sa iyong PayPal account papunta sa lokal na bank account mo, posibleng kailangan mong magbukas ng bank account sa isang bangko na partner ng PayPal sa Taiwan ("Partner na Bangko"), at gamitin ang serbisyo sa pag-withdraw na iniaalok ng Partner na Bangkong iyon ("Serbisyo sa Pag-withdraw"). Pakitingnan ang mga tuntunin at kondisyon sa Partner na Bangko para sa karagdagang impormasyon na nauugnay sa Serbisyo ng Pag-withdraw.

Kung hindi maipoproseso ang balanse sa PayPal account mo sa anumang dahilan, ibabalik sa iyo ang pondo mo sa USD.

Kung sakaling magkaroon ng anumang dispute, demanda, aksyon, o paglilitis ("Mga Dispute") sa pagitan mo at ng Partner na Bangko dahil sa anumang pagkaantala o hindi pagbabayad ng anumang pondong dapat ibayad sa iyo, ini-indemnify mo ang PayPal, mga affiliate ng PayPal, at mga empleyado nito mula sa anumang pagkasira, claim, paniningil, gastusin, at/o pagkalugi na magmumula sa mga nasabing Dispute. Sumasang-ayon ka ring walang magiging pananagutan sa iyo ang PayPal kaugnay sa anumang pondo na na-transfer na mula sa PayPal account mo papunta sa Partner na Bangko.

Hindi magkakaroon ng responsibilidad ang PayPal para sa anumang pagkalugi o pagkasira na naidulot o natamo mo dahil sa anumang (i) pagkabigo, pagkaantala, depekto, o kapabayaang o sadyang maling paggamit ng Withdrawal na Serbisyo; o (ii) kahihinatnan na magmumula sa anumang pagkaantala o hindi pagkakatanggap ng pondo na na-withdraw sa pamamagitan ng Withdrawal na Serbisyo.

Mananatiling ganap na may bisa ang lahat ng iba pang probisyon ng user agreement maliban na lang sa mga saklaw na probisyong inamyendahan ng terms and conditions na ito na partikular sa bansa.

